THE FEURian

# GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG

**Louie Jean D. Payawal**
**Romeo A. Pilongo**

Graduate School, FEU Roosevelt, Cainta, Rizal, Philippines

Corresponding author's email: ljeandecena@gmail.com

## ABSTRACT

Ang pananaliksik na ito ay sinuri kung ang paggamit ng mga piling eksena ng teleserye ng GMA Network na Maria Clara at Ibarra sa pagtuturo ng Noli Me Tangere sa mga mag-aaral sa ikasiyam na baitang sa Manggahang High School ay may epekto sa Mean Percentage Score (MPS) at antas ng kasanayan ng mga Most Essential Learning Competencies (MELCs). Upang sagutin ang suliraning ito, gumawa ng dalawang banghay-aralin ang mananaliksik - isang banghay-aralin na gumamit ng narrated slideshow na siyang kasalukuyang ginagamit sa pagtuturo at isang banghay-aralin na gumamit ng narrated slideshow at dramatized video mula sa mga piling eksena ng teleserye ng GMA Network na Maria Clara at Ibarra at itinuro ito sa pangkat kontrol at pangkat eksperimental na siyang pinili gamit ang matched group design at fishbowl method. Kinumpara ng mananaliksik ang Mean Percentage Score (MPS) ng dalawang pangkat sa pamamagitan ng Independent Samples t-Test assuming equal variances at nalamang may makabuluhang pagkakaiba ang MPS ng dalawang pangkat. Higit na mas mataas ang MPS at antas ng kasanayan ng pangkat na gumamit ng dramatized video na mula sa piling mga eksena ng teleserye ng GMA Network na Maria Clara at Ibarra. Mula rito, iminungkahi ng mananaliksik na gamitin ang teleserye ng GMA Network na Maria Clara at Ibarra sa banghay-aralin ng mga guro sa asignaturang Filipino sa ikasiyam na baitang.

**Keywords:** *Noli Me Tangere, Maria Clara at Ibarra, Mean Percentage Score, Most Essential Learning Competencies, narrated slideshow, dramatized video, Independent Samples t-test*

## PANIMULA

Noong taong 1887, kung kailan ang bansang Pilipinas ay hawak pa ng pananakop ng Espanya, ay inilathala ni Gat. José Protacio Rizal Mercado y Alonzo Realonda ang

kaniyang obra maestra - ang nobelang *Noli Me Tangere.* Ang akdang ito ay nagkaroon ng mahalagang papel sa kasaysayan ng politika ng Pilipinas (Francia, 2024). Malaki ang naging bahagi ng nobelang ito sa paghubog ng mga Pilipino noong panahon ni Rizal.

Ang *Noli Me Tangere* ay umiikot sa kuwento ng pangunahing tauhang si Crisostomo Ibarra, isang mestisong tagapagmana ng isang mayamang angkan na bumalik sa Pilipinas matapos ang pitong taon sa bansang Europa na puno ng mga ideya kung paano mapabubuti ang kalagayan ng kanyang mga kababayan. Ang kanyang ama ay inakusahan ng isang krimen at ito ay sa bilangguan na pumanaw, na lalong pumukaw sa hangarin ni Ibarra na gawin ang para sa katarungan at ipaglaban ang reporma. Sa kagustuhan ni Ibarra na magkaroon ng pagbabago, sinalubong siya ng pagtutol mula sa mga Kastilang pari at mga opisyal ng simbahan at gobyerno, na itinuturing naman siyang malaking banta sa kanilang hawak na kapangyarihan. Ang *Noli Me Tangere* ay tumalakay rin sa mga kuwento ng iba pang mga importanteng karakter sa nobela: Si Elias na naging kakampi ni Ibarra sa pakikipagbaka, Si Maria Clara na nahahati sa katapatan niya sa kaniyang ama at sa pagmamahal niya kay Ibarra, pati na rin ang iba't ibang mga tiwaling tao sa lipunan, tulad ng mga pari at mga opisyal ng gobyerno, na siya ring nagpapakita ng mapaminsalang epekto ng panrelihiyon at kolonyal na pang-aapi (Francia, 2024).

Ang nobela ni Rizal ay naglalaman ng mga temang napapanahon noong mga taong nasa pamumuno pa ng Espanya ang Pilipinas. Sa isang sulat ni Rizal kay Fr. Pablo Pastells, sa pagsulat niya ng *Noli* ay nais niyang puntiryahin ang mga prayle, ngunit dahil sila ay nakatago sa likod ng kanilang relihiyon ay tiniwalag niya ang kaniyang sarili mula rito upang atakihin ang kalabang nagtatago sa likod nito (Choa, 2012).

Dahil dito, itinuturing ang *Noli* na pinakamahalagang akdang pampanitikan na nilikha ng isang Pilipino (Lofredo, 2017). Ayon pa kay Lofredo, mula sa pagsusulat hanggang sa pagpapakalat, itinadhanang ipagbawal ang *Noli Me Tangere* - ngunit itinakda rin itong maging isang obligadong babasahin. Nagkatotoo ang pahayag na ito noong ipinatupad ang *Rizal Law* noong taong 1956 kung saan minandato ng Kagawaran ng Edukasyon ng Pilipinas na maituro ito sa lahat ng sekondaryang pampubliko at pribadong paaralan.

Ang *Republic Act No. 1425* o mas kilala bilang Rizal Law (1956) ay isang batas na naghahayag na dapat maisama sa kurikulum ng lahat ng pampubliko at pribadong paaralan, kolehiyo, at unibersidad, ang kurso tungkol sa buhay, mga gawa, at mga sinulat ni Jose Rizal, lalo na ang kaniyang mga nobelang *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo*. Dahil dito, ang nobelang *Noli Me Tangere* ay kasama sa kurikulum ng mga mag-aaral sa ikasiyam na baitang sa buong Pilipinas at partikular na itinuturo ito sa ikaapat na markahan.

Ang Kagawaran ng Edukasyon ng Pilipinas o *Department of Education* (DepEd) ay lumikha ng *K to 12 Basic Education Curriculum* bilang gabay sa mga guro (DepEd, 2016). Sa pamantayang ito, mayroong itinakda na mga pinakamahalagang kasanayang pampagtuturo, o ang tinatawag na *Most Essential Learning Competencies* (MELCs). Ayon sa DepEd, ang mga MELCs ay tumutukoy sa mga kailangan ng isang mag-aaral hindi lamang upang “makatawid sa susunod na baitang”, kundi pati na rin upang “magkaroon ng isang matagumpay na buhay na hinubog ng may kalidad na edukasyon” (DepEd, 2020b). Mula sa 45 na *Learning Competencies*, dalawampu’t dalawa (22) ang



Payawal, L. J. D., & Pilongo, R. A. (2026). GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG. GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG, 1(1), 1021–1058. https://doi.org/10.17613/vw7rt-8y293

napiling *Most Essential Learning Competencies* (DepEd, 2022) para sa ikaapat na markahan ng ikasiyam na baitang sa Filipino. Upang malaman ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral ukol sa MELCs, ang DepEd ay nagkaroon ng batayan sa pamamagitan ng *Mean Percentage Scores* (MPS) at katumbas na paglalarawan ng mga *scores* ukol sa "*mastery level*" o antas ng kasanayan (DepEd, 2012).

Sa *Mastery Achievement Level* o antas ng kasanayan, ang 0% hanggang 34% na *Mean Percentage Score* (MPS) ay itinuturing na mababang antas ng kasanayan. Ang layunin ng bawat paaralan ay maabot ng bawat mag-aaral ang pinakamataas na antas ng kasanayan sa lahat ng *Most Essential Learning Competencies* (MELCs). Upang magawa ito, ang mga guro ay may kaniya-kaniyang estratehiya o paraan ng pagtuturo gamit ang iba't ibang kagamitang pampagtuturo.

Kasama sa memorandum ng DepEd ang paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo "learning resources". Ayon sa DepEd (2019), ang mga kagamitang pampagtuturo ay dapat na magamit sa silid-aralan upang masangkot sa aktibong pakikipagkaisa ang mga mag-aaral. Upang matulungan ang mga guro, ang DepEd ay naglunsad ng isang *portal* o pook-daan na naglalaman ng mga *learning resources* o kagamitang pampagtuturo. Ang mga kagamitang ito ay makikita sa *Learning Resource Management and Development System* (LRDMS) *Portal.*

Ang paggamit ng *multimedia learning resources* ay maaaring makatulong sa lalong ikahuhusay ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng *Noli Me Tangere* sa ikasiyam na baitang ng Filipino sa kasalukuyang K to 12 Kurikulum. May ilan nang mga midya at bidyo ang makikita sa iba't ibang *platform* na ang nilalaman ay hango sa *Noli Me Tangere*. Isa sa mga pinakabagong adaptasyon ng *Noli Me Tangere* ay ang sikat na teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra*.

### *Kaligiran ng Pag-aaral*

Layunin ng Kagawaran ng Edukasyon na malinang ang kasanayan ng bawat mag-aaral, lalo na itinakda ng kagawaran na mga *Most Essential Learning Competencies* (MELCs). Ang mga learning competencies na ito ay naglalayon na maingat ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa aspeto ng pag-unawa sa napakinggan, pag-unawa sa binasa, paglinang ng talasalitaan, panonood, pagsasalita, pagsulat, wika at gramatika, at estratehiya sa pag aaral.

Sa kabila nito, ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa MELCs sa ikaapat na markahan sa asignaturang Filipino sa ikasiyam na baitang sa Manggahan High School noong SY 2024-2025 ay naglalagi lamang sa "*Average Mastery*" at "*Moving Towards Mastery*".

**Talahanayan 1**

*Porsyento ng mag-aaral sa bawat MPS bracket sa ikaapat na markahan sa asignaturang Filipino sa ikasiyam na baitang sa Manggahan High School noong SY 2024-2025*



Payawal, L. J. D., & Pilongo, R. A. (2026). GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG. GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG, 1(1), 1021–1058. https://doi.org/10.17613/vw7rt-8y293

| Mean Percentage Scores (MPS) | Katumbas na Antas ng Kasanayan o Mastery Level | Porsyento ng mag-aaral sa bawat MPS bracket |
|---|---|---|
| 96-100% | Mastered | 0% |
| 86-95% | Closely Approximating Mastery | 12% |
| 66-85% | Moving Towards Mastery | 58% |
| 35-65% | Average Mastery | 28% |
| 15-34% | Low Mastery | 2% |
| 0-14% | Absolutely Low Mastery | 0% |

Ito ay maaaring sanhi ng kakulangan sa kagamitang pampagtuturo na nirerekomenda ng DepEd na gamitin ng mga guro para sa pagtalakay ng *Noli Me Tangere* sa *portal* o pook-daan ng DepEd na *Learning Resource Management and Development System* (LRDMS) sa kasalukuyan, mayroong halos dalawampu't dalawang libong (2,200) kagamitang pampagtuturo sa *LRDMS Portal*. Mula rito, nasa 1,158 ang nakaukol sa ikasiyam na baitang at 41 lamang rito ang nakaukol sa Filipino. Mula sa mga ito, isa (1) lamang ang makikitang *multimedia learning resource* na ukol sa *Noli Me Tangere* (DepEd, 2021). Ang pamagat ng nag iisang *multimedia learning resource* na ito ay "Pluma: Rizal, ang Dakilang Manunulat", na isang dokyudrama tungkol sa buhay ni Rizal bilang manunulat at hindi tuwirang tumatalakay sa mga kabanata ng *Noli Me Tangere*. Samakatuwid, mayroong malaking kakulangan sa bilang ng *multimedia learning resource* na maaaring gamitin ng mga guro sa pagtuturo ng nobelang *Noli Me Tangere*, kahit na itinuturing ng ilang mga pananaliksik na ang mga *multimedia learning resources* ay makakatulong nang malaki sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa kasalukuyan, ang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng Noli Me Tangere ay mga *narrated slideshow* kung saan kinukuwento ang istorya ng nobela bawat kabanata. Ayon kay Walker (2007), ang mga *narrated slideshow* o powerpoint ay epektibong materyal sa pag-alalay sa pagkatuto ng mga mag-aaral ngunit sa pag-aaral ni Halid et al. (2024), nakita na mas malaki ang "*engagement*" ng mga mag-aaral kung video visual aids ang gagamitin sa pagtuturo. Isa sa mga *video visual aids* na maaaring gamitin kapalit ng *narrated slideshow* ay ang mga *dramatized video*. Ayon kay Wankel et al. (2011) ang paggamit ng *dramatized video* sa pagtuturo ay makapagbibigay ng makatotohanang pananaw para sa mga mag-aaral. Ngunit ang *dramatized video* ay maaaring hindi maging epektibo kung masyadong mahaba ang ipapalabas sa mga mag-aaral (Guo, 2023).

Oktubre ng taong 2022, isandaan at tatlumpu't limang (135) taon mula nang nailathala ang *Noli Me Tangere*, ang teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra* ay sinimulang ipalabas sa *GMA Network* sa direksyon ni Ginoong Zig Dulay. Ang teleseryeng ito ay umabot ng isang daan at limang (105) *episodes* (The Review Stop, 2023).



Payawal, L. J. D., & Pilongo, R. A. (2026). GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG. GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG, 1(1), 1021–1058. https://doi.org/10.17613/vw7rt-8y293

Ang istorya ng teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra* ay umiikot kay Klay, isang kolehiyala na napunta sa loob ng kwento ng nobelang *Noli Me Tangere*. Doon, naranasan ni Klay ang buhay sa Pilipinas sa ika-19 na siglo kung saan nakita at nakasalamuha niya ang marami sa mga tauhan sa nobela katulad ni Crisostomo Ibarra at Maria Clara (Dulay, 2022). Ang teleseryeng ito ay hindi lamang tumatalakay sa kasaysayan ng bansang Pilipinas kundi pati na rin ang mga pinakamahalagang isyung panlipunan noong panahon ni Rizal (Sunnexdesk, 2022). Ayon pa sa mga lumikha ng teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra*, nilayon nila na gawing mas madaling maunawaan ang nobela sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga makabagong mga sangkap pampelikula sa paraang mapapanatili ang mensahe ni Rizal sa kanyang nobela (Godinez, 2024).

Naging patok sa mga manonood ang teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra*. Nag-*trending* sa *social media platform* na *Twitter* ang #MCIDingginNiyoKami na umani ng 41,500 *tweets* (Hilario, 2023). Ayon sa *Content Asia* (2022), nagkamit pa ito ng 15.1% average ratings apat na araw pa lamang matapos itong simulang ipalabas. Ang rating na ito ay tuloy-tuloy na umakyat habang umeere ang serye na ito ayon sa *Ratings Graph* (2024). Patunay pa sa kasikatan ng teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra*, naipalabas ito sa streaming platform na *Netflix* noong Abril ng taong 2023 ("The Hit Historical Fantasy Series 'Maria Clara and Ibarra' Is Coming to Netflix!," 2023) at ito ay naluklok sa top spot bilang may pinakamaraming views sa *Netflix Philippines* sa loob ng dalawang araw mula noong ito ay ipinalabas (Llemit, 2023a) at nakakuha ng kabuuang 22 milyong *views* mula Enero hanggang Hulyo ng parehong taon(Llemit, 2023c). Sa isa pang pag-aaral, lumalabas na 52% ng mga kabataan sa Pilipinas ay nakapanood ang teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra* (Corona, 2023).

Hindi lang sikat at patok ang teleseryeng *Maria Clara at Ibarra*, nagkamit din ito ng mga parangal at pagkilala. Sa katunayan, noong *2023 New York Festival's Film and TV Awards*, tanging ang teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra* lamang ang pang-aliw na palabas mula sa Pilipinas ang nagwagi ng *Bronze Award* (Llemit, 2023b). Bukod pa sa mga organisasyong naggagawad ng parangal, nagkamit din ng iba't ibang mga pagkilala at papuri ang teleserye mula sa mga mamamahayag. Ayon kay Briones (2022), nagbigay ang teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra* ng biswal at makabagong paraan ng pagsasalaysay, at naka panghihikayat ito sa mga mag-aaral na intindihin lalo ang nobela at alamin pa ang tungkol sa mga tauhan nito. Sa palagay ni Thyra (2023), ang teleseryeng ito ay nakapagbigay ng lalim at konteksto ukol sa istorya ng *Noli* at nakapaglikha rin ito ng pagkakataon upang pag-usapan ang mga isyung panlipunan. Sa pananaw naman ni Mallorca (2023), ang teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra* ay pinagtulung-tulungan ng talentadong mga manunulat at mananaliksik upang dalhin sa mga manunuod ang nobela ni Rizal. Ayon din kay Hermosa (2023), bukod sa pagtalakay sa mga isyung panlipunan, ipinakita rin ang kagandahan ng mga tauhan sa nobela sa pamamagitan ng mahusay na panulat at kahanga-hangang mga pagganap. Ayon naman kay Jaluague (2023), kapuri-puri ang produksyon sa kanilang atensyon sa detalye sapagkat ang mga set ay dinisenyo nang mahusay at ang mga kasuotan ng mga tauhan ay angkop sa panahon ng kaganapan ng *Noli*. Dahil dito, maaaring isipin na gamitin ang teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra* bilang



Payawal, L. J. D., & Pilongo, R. A. (2026). GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG. GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG, 1(1), 1021–1058. https://doi.org/10.17613/vw7rt-8y293

*multimedia learning resource* o kagamitang pampagtuturo sa paaralan. Ayon pa sa pananaliksik ni Nava et al. (2025), lumaki lalo ang kanilang "*historical and cultural awareness*" na lalo pang nakapagpalalim ng kanilang pagkilala sa kasaysayan ng nga Filipino.

Sa nilabas na gabay ng DepEd ukol sa pagsusuri at ebalwasyon ng mga kagamitang pampagtuturo (DepEd, 2009), kung nais na magdagdag ng mga bagong kagamitang pampagtuturo, ito ay dapat munang dumaan sa ebalwasyon base sa *assessment guidelines* at paggamit ng *Evaluation Rating Sheet for Non-Print Materials*. Ang *evaluation sheet* na ito ay naglalaman ng 4 na bahagi: (a) Factor A - *content quality*, (b) Factor B - *instructional quality* (c) Factor C - *technical quality* at (d) Factor D - *other findings*. Kung pumasa sa lahat ng mga bahaging ito ang sinusuring kagamitang pampagtuturo ay doon pa lamang ito maaaring mairekomendang gamitin sa mga pampublikong paaralan. Gagamitin ang mga ito bilang gabay ng mananaliksik upang piliin ang mga eksena sa teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra* na maaaring ilagay sa banghay-aralin bilang karagdagang kagamitang pampagtuturo sa pagtuturo sa mga mag-aaral. Sa pananaliksik na ginawa ni Guo (2023), ang pinakamainam na haba ng isang video na pinapalabas sa mga mag-aaral ay hanggang anim (6) na minuto lamang upang hindi mawala ang kanilang atensyon sa pinanood. Ito naman ang gagamiting basehan ng mananaliksik ukol sa haba ng mga eksenang gagamitin mula sa *Maria Clara at Ibarra* sa pagtuturo sa mga mag-aaral.

Nais alamin ng mananaliksik kung ang paggamit ng *dramatized video* gamit ang mga piling eksena ng teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra* ay magkakaroon ng makabuluhang epekto sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa ikasiyam na baitang, kumpara sa paggamit ng *narrated slideshow*, partikular sa ikaapat na markahan kung saan itinuturo ang nobelang *Noli Me Tangere*. Sa pananaliksik na ito, ang mananaliksik ay maghahanda ng dalawang banghay-aralin. Ang unang banghay-aralin ay naglalaman ng karaniwang programa ng leksyon na may *narrated slideshow*. Ang ikalawang banghay-aralin ay maglalaman naman ng mga piling eksena mula sa teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra* at ito ay ihahanda sa paraang isasaalang-alang ang mga konsepto ng *Cognitive Theory of Multimedia Learning*. Ang unang banghay-aralin ay gagamitin sa pangkat ng *narrated slideshow-based learning* at ang ikalawang banghay-aralin ay gagamitin naman sa pangkat ng *dramatized video-based learning*. Ang pananaliksik na ito ay isasagawa sa isang pampublikong sekondaryang paaralan sa lungsod ng Pasig.

### *Mga Kaugnay na Literatura at Pag-aaral*

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong alamin kung ang teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra* ay maaaring maging karagdagang kagamitang pampagkatuto sa asignaturang Filipino sa ikasiyam na baitang.

### ***<u>Ang Noli Me Tangere</u>***

Ayon kay Choa (1999), ang *Noli Me Tangere* at ang katuloy nitong nobela na *El Filibusterismo* ay mga akdang nagawang mapag-isa ang mga Pilipino at nagsilbing udyok sa rebolusyon laban sa Espanya noong taong 1896. Dahil itinuturing ng mga Dominikano



Payawal, L. J. D., & Pilongo, R. A. (2026). GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG. GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG, 1(1), 1021–1058. https://doi.org/10.17613/vw7rt-8y293

at ng *Government Board of Censorship* na naglalaman ito ng mga ideyang erehe, ang *Noli Me Tangere* ay mahigpit na ipinagbabawal na maparami at maibahagi sa mga tao. Dahil dito, dalawang libong (2,000) kopya lamang ang nailimbag. Nagpapakita ito kung gaano kalaki ang epekto ng pagbabasa nito sa mga Pilipino noong panahon na iyon. Ayon kay Yeon (2011), tumulong ang *Noli* sa paghubog ng isang bagong makabayang pagkakakilanlan para sa mga Pilipino noong huling mga taon ng ika-19 na siglo.

Ang istorya ng *Noli Me Tangere* ay patungkol kay Crisostomo Ibarra, isang lalaking may halo ang lahi at mula sa isang mayamang angkan. Si Ibarra ay namalagi sa Europa sa loob ng pitong taon kung saan siya nakakuha ng mga ideya kung paano mapabubuti ang kalagayan ng kaniyang mga kababayan. Hindi naging madali ang kaniyang pakikipagbaka dahil siya ay humarap sa mga mapang-abusong simbahan at gobyerno. Ipinapakita sa nobela na napakahirap makamit ang pagbabago sa gayong sitwasyon (Francia, 2024).

Ayon kay Falqueza (2009), maaaring inihalintulad ni Rizal ang mga tauhan ng kaniyang nobela sa kaniyang sarili, gamit ang kaniyang sariling mga karanasan. Ang mga akda ni Rizal ay naglalaman ng iba't ibang mga reperensya sa liberalismo, karapatang pantao at pansariling kalayaan. Ayon sa ilang pananaliksik, si Rizal ay isang liberal at radikal sa parehong pagkakataon (Claudio, 2019). Ito ay makikita lalo na sa temang lumilitaw sa akdang *Noli Me Tangere*. Ngunit bago suriin ang mga tema, mahalagang makita kung ano ang mga dahilan kung bakit sinimulan ni Rizal ang *Noli Me Tangere*. Ayon kay Claudio (2019), ang akda ni Rizal ay naglalaman ng mga temang tumutukoy sa liberalismo, karapatang pantao, at kalayaan ng indibidwal.

Nagsimula ang lahat noong Pebrero 17, 1872, kung saan tatlong Pilipinong Katolikong pari na sumusuporta sa pantay na karapatan ng mga Pilipino ang binansagang mga filibustero at ginarote hanggang mamatay. Ito ay ginawa ng gobyerno ng Espanya upang magpakita ng pangil sa mga Pilipino upang makontrol sila gamit ang pananakot. Ang tatlong paring ito ay sina Mariano Gomes, Jose Burgos, and Jacinto Zamora na kung tawagin ngayon ay ang Gomburza (Paciente, 2024).

Ayon kay DeStephano (2011), ang *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo* ay tila naging *manual* o batayan para sa mga miyembro ng *Philippine independence movement*. Dahil sa kahalagahan ng *Noli Me Tangere* at ang *El Filibusterismo,* itinakda sa batas ng Pilipinas na imandato ang pag-aaral ng dalawang akdang ito sa lahat ng paaralan sa bansa.

### ***Ang Noli Me Tangere sa Paaralan***

Dahil sa *Batas Rizal* (*Republic Act No. 1425*, 1956), ang nobelang *Noli Me Tangere* ay kailangang maging bahagi ng kurikulum ng lahat ng paaralan sa bansa. Ang mga sumusunod ay ang mga rason kung bakit ito isinabatas ayon na rin sa probisyon ng Batas Rizal o *Rizal Law*:

*"WHEREAS, today, more than any other period of our history, there is a need for a re-dedication to the ideals of freedom and nationalism for which our heroes lived and died;*



Payawal, L. J. D., & Pilongo, R. A. (2026). GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG. GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG, 1(1), 1021–1058. https://doi.org/10.17613/vw7rt-8y293

*“WHEREAS, it is meet that in honoring them, particularly the national hero and patriot, Jose Rizal, we remember with special fondness and devotion their lives and works that have shaped the national character;*

*“WHEREAS, the life, works and writing of Jose Rizal, particularly his novels Noli Me Tangere and El Filibusterismo, are a constant and inspiring source of patriotism with which the minds of the youth, especially during their formative and decisive years in school, should be suffused;*

*“WHEREAS, all educational institutions are under the supervision of, and subject to regulation by the State, and all schools are enjoined to develop moral character, personal discipline, civic conscience and to teach the duties of citizenship;”*

Samakatuwid, ang *Noli* ay nakatulong sa pagkakaroon ng pambansang pagkakakilanlan. Dahil ang nobelang ito ay isang akdang nagbibigay ng inspirasyon sa pagiging makabayan ng mga kabataang Pilipino, ang *Noli Me Tangere* ay isang mahalagang akda na dapat na maihayag nang malinaw at bukas sa mga mag-aaral.

Upang matiyak na ang *Noli Me Tangere*, at ang iba pang mga leksyon ay maituro nang malinaw sa mga mag-aaral, ang Kagawaran ng Edukasyon sa Pilipinas (DepEd) ay nagtakda ng mga *learning objectives* at pamantayan kung paano ito ituturo. Ang mga learning objectives na ito ay inilahad sa *K to 12 Basic Education Curriculum* sa pamamagitan ng mga *learning competencies* at kalaunan ay ang mga Most Essential Learning Competencies o MELCs.

## ***Most Essential Learning Competencies***

Upang magkaroon ng pamantayan sa pagtuturo sa mga mag-aaral, ang DepEd ay lumikha ng *K to 12 Basic Education Curriculum* bilang gabay sa mga guro (DepEd, 2016) at ang pamantayang pangnilalaman ukol dito ay ang maipamamalas ng mga mag-aaral ang pang-unawa sa isang obra maestrang pampanitikan ng Pilipinas.

Sa pamantayang ito ay nabuo ang mga *Learning Competencies*. Sa gabay na ibinaba ng DepEd, mayroong apatnapu’t limang (45) *Learning Competencies* ang nasasaklaw ng kurikulum ng ikaapat na markahan ng ikasiyam na baitang sa Filipino. Mula rito ay may piniling mga pinakamahalagang kasanayang pampagkatuto, o ang tinatawag na *Most Essential Learning Competencies* (MELCs). Makikita sa talahanayan 2 ang mga MELCs para sa asignaturang Filipino sa ikasiyam na baitang, ikaapat na markahan.

**Talahanayan 2**

*MELCs para sa asignaturang Filipino sa ikasiyam na baitang, ikaapat na markahan.*

| K to 12 CG Code | Most Essential Learning Competencies |
|---|---|



Payawal, L. J. D., & Pilongo, R. A. (2026). GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG. GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG, 1(1), 1021–1058. https://doi.org/10.17613/vw7rt-8y293

| | |
|---|---|
| F9PN-IVa-b-56 | Batay sa napakinggan, natitiyak ang kaligirang pangkasaysayan ng akda sa pamamagitan ng:<br>• pagtukoy sa layunin ng may-akda sa pagsulat nito<br>• pag-isa-isa sa mga kondisyon ng lipunan sa panahong isinulat ito pagpapatunay sa pag-iral pa ng mga kondisyong ito sa kasalukuyang panahon sa lipunang Pilipino |
| F9PB-IVa-b-56 | Nailalarawan ang mga kondisyong panlipunan bago at matapos isinulat ang akda |
| F9PT-IVa-b-56 | Natutukoy ang mga kontekstuwal na pahiwatig sa pagbibigay-kahulugan |
| F9PS-IVa-b-58 | Nailalahad ang sariling pananaw, kongklusyon, at bisa ng akda sa sarili at sa nakararami. |
| F9WG-Iva-b-57 | Nagagamit ang mga angkop na salita / ekspresyon sa: - paglalarawan - paglalahad ng sariling pananaw - pag-iisa-isa pagpapatunay |
| F9PN-IVc-57 | Natutukoy ang kahalagahan ng bawat tauhan sa nobela |
| F9WG-IVc-59 | Nagagamit ang tamang pang-uri sa pagbibigay- katangian |
| F9PN-IVd-58 | Naibabahagi ang sariling damdamin sa tinalakay na mga pangyayaring naganap sa buhay ng tauhan |
| F9WG-Ivd-60 | Nagagamit ang mga angkop na ekspresyon sa pagpapahayag ng: - damdamin - matibay na paninindigan |
| F9PB-IVd-58 | Nailalahad ang sariling pananaw sa kapangyarihan ng pag-ibig sa magulang, sa kasintahan, sa kapwa at sa bayan |
| F9PN-IVe-f-59 | Natitiyak ang pagkamakatotohanan ng akdang napakinggan sa pamamagitan ng pag-uugnay sa ilang pangyayari sa kasalukuyan |
| F9PB-IVe-f-59 | Naipaliliwanag ang mga kaugaliang binanggit sa kabanata na nakatutulong sa pagpapayaman ng kulturang Asyano |



Payawal, L. J. D., & Pilongo, R. A. (2026). GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG. GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG, 1(1), 1021–1058. https://doi.org/10.17613/vw7rt-8y293

| | |
|---|---|
| F9PT-IVe-f-59 | Naipaliliwanag ang iba’t ibang paraan ng pagbibigay-pahiwatig sa kahulugan |
| F9PS-IVg-h-62 | Naipaliliwanag ang kahalagahan ng pagtupad sa tungkulin ng ina at ng anak |
| F9PD-IVg-h-59 | Naihahambing ang mga katangian ng isang ina noon at sa kasalukuyan batay sa napanood na dulang pantelebisyon o pampelikula |
| F9WG-IVg-h-62 | Nagagamit ang mga angkop na ekspresyon sa:<br>• pagpapaliwanag<br>• paghahambing<br>• pagbibigay ng opinyon |

Ang pamantayang pangnilalaman ng ikaapat na markahan ng ikasiyam na baitang sa asignaturang Filipino ay: “Naipamamalas ng mga mag-aaral ang pag-unawa sa isang obra maestrang pampanitikan ng Pilipinas.” Bukod pa rito, “Ang mag-aaral ay nakikilahok sa pagpapalabas ng isang movie trailer o storyboard tungkol sa isa ilang tauhan ng Noli Me Tangere na binago ang mga katangian (dekonstruksiyon)” naman ang pamantayan sa pagganap (DepEd, 2016).

Ang mga sumusunod na MELCs ay tumutukoy sa kasanayan ng mag-aaral na unawain ang napakinggan. Ang mga MELCs na ito ay naglalayon na matukoy at maunawaan kung ano ang sinasabi ng kausap at ang pagunawa sa kung ano ang kahulugan ng nais iparating ng tagapagsalita:

- Batay sa napakinggan, natitiyak ang kaligirang pangkasaysayan ng akda sa pamamagitan ng: (a) pagtukoy sa layunin ng may-akda sa pagsulat nito (b) pag-isa-isa sa mga kondisyon ng lipunan sa panahong isinulat ito pagpapatunay sa pag-iral pa ng mga kondisyong ito sa kasalukuyang panahon sa lipunang Pilipino
- Natutukoy ang kahalagahan ng bawat tauhan sa nobela
- Naibabahagi ang sariling damdamin sa tinalakay na mga pangyayaring naganap sa buhay ng tauhan
- Natitiyak ang pagkamakatotohanan ng akdang napakinggan sa pamamagitan ng pag-uugnay sa ilang pangyayari sa kasalukuyan

May mga MELCs rin na tumutukoy naman sa pag-unawa ng mag-aaral sa nabasa. Sinusuri naman rito kung ang pagbuo ng mag-aaral sa kahulugan sa pamamagitan ng pag uugnay sa mga impormasyon sa nabasang teksto. Narito ang mga MELCs na iyon:

- Nailalarawan ang mga kondisyong panlipunan bago at matapos isinulat ang akda
- Nailalahad ang sariling pananaw sa kapangyarihan ng pag-ibig sa magulang, sa kasintahan, sa kapwa at sa bayan



Payawal, L. J. D., & Pilongo, R. A. (2026). GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG. GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG, 1(1), 1021–1058. https://doi.org/10.17613/vw7rt-8y293

- Naipaliliwanag ang mga kaugaliang binanggit sa kabanata na nakatutulong sa pagpapayaman ng kulturang Asyano

Dalawang MELCs naman ang may kinalaman sa paglinang ng talasalitaan ng mga mag-aaral. Ang kasanayan na ito ay naglalayon na magkaroon ang mag-aaral ng kakayahang magbigay kahulugan at gamitin ito nang tama sa loob at labas ng isang konteskto at sa pakikipagtalastasan:

- Natutukoy ang mga kontekstuwal na pahiwatig sa pagbibigay-kahulugan
- Naipaliliwanag ang iba't ibang paraan ng pagbibigay-pahiwatig sa kahulugan

Dalawa rin ang MELCs na tumutukoy sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasalita:

- Nailalahad ang sariling pananaw, kongklusyon, at bisa ng akda sa sarili at sa nakararami.
- Naipaliliwanag ang kahalagahan ng pagtupad sa tungkulin ng ina at ng anak

Mayroon ding MELCs na tumutukoy sa kasanayan ng mag-aaral sa panonood: Naihahambing ang mga katangian ng isang ina noon at sa kasalukuyan batay sa napanood na dulang pantelebisyon o pampelikula.

Samantala, tatlong MELCs naman ang tumutukoy sa kasanayan sa wika at gramatika. Nilalayon ng mga MELCs na ito na masanay sa paggamit ng wika sa pasalita o pasulat ang mag-aaral na isinasaalang –alang ang mga tuntunin sa grammar at sa pagbaybay ng mga salita sa Filipino:

- Nagagamit ang mga angkop na salita / ekspresyon sa: - paglalarawan - paglalahad ng sariling pananaw - pag-iisa-isa pagpapatunay
- Nagagamit ang tamang pang-uri sa pagbibigay- katangian
- Nagagamit ang mga angkop na ekspresyon sa pagpapahayag ng: - damdamin - matibay na paninindigan
- Nagagamit ang mga angkop na ekspresyon sa: (a) pagpapaliwanag, (b) paghahambing, at (c) pagbibigay ng opinyon

Pagkatapos ng ikaapat na markahan, ang bawat MELCs ay susuriin sa pamamagitan ng *Mean Percentage Scores* (MPS) at aalamin ang kaakibat na antas ng kasanayan o *mastery level*. Upang malaman ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral ukol sa MELCs, ang DepEd ay nagkaroon ng batayan sa pamamagitan ng *Mean Percentage Scores* (MPS) at katumbas na paglalarawan ng mga *scores* ukol sa "*mastery level*" o antas ng kasanayan (DepEd, 2012). Makikita ito sa Talahanayan 3.

**Talahanayan 3**

*Mean Percentage Scores (MPS) at ang Katumbas na Antas ng Kasanayan, base sa DepEd Memorandum no. 160 series 2012*



Payawal, L. J. D., & Pilongo, R. A. (2026). GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG. GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG, 1(1), 1021–1058. https://doi.org/10.17613/vw7rt-8y293

| Mean Percentage Scores (MPS) | Katumbas na Antas ng Kasanayan o Mastery Level |
|---|---|
| 96-100% | Mastered |
| 86-95% | Closely Approximating Mastery |
| 66-85% | Moving Towards Mastery |
| 35-65% | Average Mastery |
| 15-34% | Low Mastery |
| 0-14% | Absolutely Low Mastery |

Sa layuning mapataas ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral isa sa mga maaring gawin ay ang paggamit ng mga kagamitang pampagkatuto o *learning resources* sa pag-aaral.

***Kagamitang Pampagkatuto***

Ayon kay Bušljeta (2013), gumagamit ng mga kagamitang pampagtuturo o learning resources ang mga guro upang matulungan ang guro sa "*presentation and transmission of educational content and the achievement of educational objectives whilst aiding the students in acquiring knowledge and profiling different abilities and values.*" Mapapansin na ang dahilan ng paggamit ng kagamitang pampagtuturo ang pag-abot sa mga *educational objectives* o sa konteksto ng DepEd, sa pag-abot ng mga *Most Essential Learning Objectives* o MELCs. Bukod pa rito, makakatulong ang kagamitang pampagtuturo upang lalong matuto ang mga mag-aaral - na siyang nais na mangyari ng mga mambabatas sa pagtatatag ng Batas Rizal ukol sa pag-aaral ng *Noli Me Tangere*.

Sa katunayan, mayroong mga pag-aaral na nagpakitang ang paggamit ng kagamitang pampagtuturo sa paaralan ay positibong nakatutulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa pananaliksik ni William et al. sa mga urban at rural na mga paaralan sa Pilipinas, napag alaman na mayroong malakas na positibo o direktang ugnayan ang kalidad ng kagamitang pampagtuturo sa antas ng literasiya ng mga mag-aaral.

Sa pananaliksik naman ukol sa *Open Educational Resources* o OER, isang uri ng kagamitang pampagtuturo, napag alaman na positibong nakakaapekto sa marka ng mga mag-aaral ang paggamit ng mga OER  (Cho & Permzadian, 2024).

Sa isang pag-aaral naman sa Balochistan (Ahmed et al., 2024), naipakita na ang paggamit ng *Teaching-Learning Materials* (TLM) kagaya ng audyo-biswal na mga kagamitang pampagtuturo ay hindi lamang nakakapagpahusay ng "*academic performance*" ng mga mag-aaral kundi may positibong epekto rin ito sa "motivation level" ng mga mag-aaral.

Sa isa pang pag-aaral, napag-alaman pang mas mataas ang "*learner satisfaction*", "*self-reported knowledge*" at "*performance*" sa isang "*multiple-choice test*" ng mga estudyanteng tinuruan sa pamamagitan ng *interactive multimedia learning* (Biffi &



Payawal, L. J. D., & Pilongo, R. A. (2026). GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG. GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG, 1(1), 1021–1058. https://doi.org/10.17613/vw7rt-8y293

Woodbury, 2019). Sa pag-aaral naman ni Stelzer et al. (2009), makikitang ang mga mag-aaral na nag-aral na may *multimedia learning modules* ay nagpapakita ng higit na antas ng kasanayan kumpara sa mga mag-aaral na gumamit lamang ng "*text-based*" na mga *learning modules*.

Sa pananaliksik naman ni Ayado at Berame (2022), nakita ang malaking pagtaas ng average scores ng mga estudyanteng gumamit ng supplementary materials kumpara sa mga estudyanteng gumamit lamang ng DepEd learning materials.

Sa kabilang banda, ang hindi paggamit naman ng mga kagamitang pampagtuturo ay may malaking negatibong epekto sa antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa isang pag-aaral sa Abuja, Nigeria, napag-alamang makabuluhan ang epekto ng kakulangan sa kagamitang pampagtuturo o "*instructional materials*" ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral at pati na rin ang kalidad ng pagtuturo (Michael et al., 2024). Ang parehas na konklusyon ay nakita ni Ogbu (2015) sa kaniyang pananaliksik.

Samakatuwid, kailangang magkaroon ng sapat na kagamitang pampagtuturo sa mga asignaturang itinuturo at kailangan din na matiyak na tama at wasto ang pagkakagawa nito. Upang gawin ito, maaaring gawing bayatan ang dalawang bagay: Ang *Cognitive Theory of Multimedia Learning* ni Mayer at ang *Evaluation Rating Sheet for Non-Print Materials* na itinakda ng DepEd.

## ***Cognitive Theory of Multimedia Learning***

Ayon sa *Cognitive Theory of Multimedia Learning* ni Mayer (2014), ang isang multimedia learning resource ay makatutulong sa mas malalim na pagkatuto ng mag-aaral dahil dalawang "*channel*" ang ginagamit ng ganitong uri ng kagamitang pampagtuturo - biswal (nakikita) at berbal (naririnig). Ang teoryang ito ay naglalayon na maintindihan kung paano pinoproseso ng isip ang pagkatuto mula sa isang *multimedia instruction*. Ang teoryang ito rin ay sumasaklaw sa kung paano dapat idesenyo ang isang kagamitang pampagtuturo upang maiwasan ang *cognitive overload*. Ang cognitive overload ay nangyayari kung ang kailangan ng isip na pagproseso ng *learning task* ay mas malaki kaysa sa kakayahan ng isip sa pagproseso ng impormasyon (Nickson, 2018).

Samakatuwid, sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo, dapat isaalang-alang ang mga prinsipyo ng *Cognitive Theory of Multimedia Learning* upang maiwasan ang *cognitive overload* at maging epektibo sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Mayroong mga prinsipyo sa teoryang ito na maaaring gamitin sa pagdisenyo ng mga kagamitang pampagtuturo: *Temporal Contiguity Principle, Split-Attention Principle, Coherence Principle, at Segmenting Principle.*

Bukod pa sa teoryang ito, dapat din isaalang-alang ang pamantayan ng DepEd ukol sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo na nakasaad sa *Guidelines and Processes for LRDMS Assessment & Evaluation*.

## ***Evaluation Rating Sheet for Non-Print Materials***

Ayon sa pamantayan ng DepEd, maaaring magdagdag ng mga kagamitang pampagtuturo na gagamitin sa pag-aaral at upang ito ay maging opisyal na kagamitang pampagtuturo ng paaralan, ito ay dapat na dumaan sa proseso ng ebalwasyon.



Payawal, L. J. D., & Pilongo, R. A. (2026). GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG. GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG, 1(1), 1021–1058. https://doi.org/10.17613/vw7rt-8y293

May binuo ang DepEd na *evaluation sheet* para sa mga kagamitang pampagtuturo, partikular sa mga *audyo-biswal* o *non-print* na mga kagamitan (DepEd, 2009). Mayroong apat na bahagi ang ebalwasyong ito:

1. *Factor A. Content Quality*
    a. *Content is consistent with topics/skills found in the DepED Learning Competencies for the subject and grade/year level it was intended.*
    b. *Concepts developed contribute to enrichment, reinforcement, or mastery of the identified learning objectives.*
    c. *Content is accurate.*
    d. *Content is up-to-date.*
    e. *Content is logically developed and organized.*
    f. *Content is free from cultural, gender, racial, or ethnic bias.*
    g. *Content stimulates and promotes critical thinking.*
    h. *Content is relevant to real-life situations.*
    i. *Language (including vocabulary) is appropriate to the target user level.*
    j. *Content promotes positive values that support formative growth.*
2. *Factor B. Instructional Quality*
    a. *Purpose of the material is well defined.*
    b. *Material achieves its defined purpose.*
    c. *Learning objectives are clearly stated and measurable.*
    d. *Level of difficulty is appropriate for the intended target user.*
    e. *Graphics / colors / sounds are used for appropriate instructional reasons.*
    f. *Material is enjoyable, stimulating, challenging, and engaging.*
    g. *Material effectively stimulates creativity of target user.*
    h. *Feedback on target user's responses is effectively employed.*
    i. *Target user can control the rate and sequence of presentation and review.*
    j. *Instruction is integrated with target user's previous experience.*
3. *Factor C. Technical Quality*
    a. *Audio enhances understanding of the concept.*
    b. *Speech and narration (correct pacing, intonation, and pronunciation) is clear and can be easily understood.*
    c. *There is complete synchronization of audio with the visuals, if any.*
    d. *Music and sound effects are appropriate and effective for instructional purposes.*
    e. *Screen displays (text) are uncluttered, easy to read, and aesthetically pleasing.*
    f. *Visual presentations (non-text) are clear and easy to interpret.*
    g. *Visuals sustain interest and do not distract user's attention.*
    h. *Visuals provide accurate representation of the concept discussed.*
    i. *The user support materials (if any) are effective.*
    j. *The design allows the target user to navigate freely through the material.*
    k. *The material can easily and independently be used.*
4. *Factor D. Other Findings*
    a. *The material will run using minimum system requirements.*



Payawal, L. J. D., & Pilongo, R. A. (2026). GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG. GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG, 1(1), 1021–1058. https://doi.org/10.17613/vw7rt-8y293

b. *The program is free from technical problems.*

Ang apat na aspetong ito ay dapat na isaalang-alang ng mananaliksik sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo upang makatugon sa pamantayan ng DepEd. Bukod sa pagbuo ng sariling kagamitang pampagtuturo, maaari ring gumamit ng mga eksistidong mga *multimedia* resources kagaya ng pelikula at seryeng angkop.

***Pelikula at Serye Bilang Kagamitang Pampagtuturo***

Isa sa mga maaaring gamitin bilang kagamitang pampagtuturo ay mga pelikula. Ayon kay Cromarty et al. (2023) ang paggamit ng pelikula ay maaaring makatulong sa mga mag-aaral na nahihirapan sa tekstuwal na paraan ng pagtuturo.

Mayroong ilang mga adaptasyon sa pelikula at serye ang nagawa para sa *Noli Me Tangere*. Ang pinakabago sa mga ito ay ang teleseryeng *Maria Clara at Ibarra*.

***Maria Clara at Ibarra***

Ang teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra* ay seryeng pantelebisyon sa pangunguna ng direktor na si Zig Dulay. Si Dulay ay naging direktor din ng ilan pang teleserye sa GMA Network na umani rin ng mga positibong resepsyon mula sa mga manonood (*Zig Madamba Dulay | Director, Writer, Second Unit Director or Assistant Director*, 2024). Ayon kay Godinez (2024), ang teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra* ay naglalayon na ipalabas ang nobela sa *primetime* na oras sa paraang *reletable* sa mga manonood ngunit layon din na panatilihin ang orihinal na kahulugan at mahalagang mga aral na inilagay ni Rizal sa kaniyang obra na *Noli Me Tangere.*

Ang teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra* ay tungkol sa istorya ni Klay, isang estudyanteng nag-aaral ng *Nursing* at walang pakialam sa sa mga isyung panlipunan at hindi interesado sa pag-aaral ng buhay at mga gawa ni Rizal. Si Klay ay nagtataka kung bakit kailangan pang pag-aralan ang buhay ng pambansang bayani ng Pilipinas kung wala naman itong magiging makabuluhang epekto sa kaniyang buhay. Sinubukan ni Klay na magpasa ng sanaysay na kinopya niya lamang sa *internet* ngunit nalaman ito ng kaniyang propesor. Dahil dito, binigyan si Klay ng kaniyang propesor ng isang kopya ng *Noli Me Tangere* upang basahin. Nakatulog si Klay habang binabasa ang libro at paggising niya, nasa loob na siya ng mundo ng nobelang binabasa niya. Sinubukan niyang bumalik sa totoo niyang mundo ngunit hindi niya ito magagawa hangga't hindi p aniya natatapos ang istorya at hindi pa niya natututuhan ang mahalagang leksyon para sa buhay niya. ("The Hit Historical Fantasy Series 'Maria Clara and Ibarra' Is Coming to Netflix!," 2023).

Nagkamit ng mga parangal ang teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra* dahil sa husay nito sa aspetong pang-aliw ngunit hindi maikakaila na mayroong mga pagbabagong naganap.

Ayon kay Mallorca (2023), ang mga sumusunod na aspeto ng istorya ay nabago mula sa *Noli me Tangere*:

- Si Klay at Fidel ay hindi parte ng orihinal na istorya
- Si Maria Clara ay mas naging palaban sa teleserye kumpara sa *Noli* kung saan nanatili siyang tahimik sa mga nangyayari sa kaniya.



Payawal, L. J. D., & Pilongo, R. A. (2026). GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG. GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG, 1(1), 1021–1058. https://doi.org/10.17613/vw7rt-8y293

- Si Maria Clara ay namatay sa sakit, hindi sa pamamaril ni Padre Salvi. Hindi na rin nagtagpo si Maria Clara at Ibarra sa orihinal na istorya.
- Si Elias ay namatay sa *Noli* at hindi na niya nagawa ang inaasam niyang rebolusyon
- Mas maagang namatay si Padre Damaso sa *Noli* kumpara sa *Maria Clara at Ibarra*

Ang ibang mahalagang mga pagkakaiba ay nangyari sa mga kabanata na tumatalakay sa *El Filibusterismo*.

Sa kabila ng mga pagkakaibang ito, ang teleseryeng *Maria Clara at Ibarra*, ay isang teleseryeng naglalaman ng mga detalyeng *Noli Me Tangere* na maaaring maging isang mahusay na biswal na batayan ng mga mag-aaral upang lalong maintindihan ang nobela. Ang *Maria Clara at Ibarra* ay pinagtulung-tulungan ng talentadong mga manunulat at mananaliksik upang dalhin sa mga manunuod ang nobela ni Rizal (Mallorca, 2023). Sa katunayan, ang teleseryeng ito ay nagbibigay ng biswal at makabagong paraan ng pagsasalaysay, at naka panghihikayat ito sa mga mag-aaral na intindihin lalo ang nobela at alamin pa ang tungkol sa mga tauhan nito (Briones, 2022). Ang teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra rin* ay nakapagbigay ng lalim at konteksto ukol sa istorya ng *Noli* at nakapag likha rin ito ng pagkakataon upang pag-usapan ang mga isyung panlipunan (Thyra, 2023). Ayon din kay Hermosa (2023), bukod sa pagtalakay sa mga isyung panlipunan, ipinakita rin ang kagandahan ng mga tauhan sa nobela sa pamamagitan ng mahusay na panulat at kahanga-hangang mga pagganap. Kapuri-puri ang produksyon sa kanilang atensyon sa detalye sapagkat ang mga set ay dinisenyo nang mahusay at ang mga kasuotan ng mga tauhan ay angkop sa panahon ng kaganapan ng *Noli* (Jaluague, 2023). Dahil dito, maaaring isipin na gamitin ang teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra* bilang *multimedia learning resource* o kagamitang pampagtuturo sa paaralan.

### ***Balangkas Teoretikal***

Sa *Cognitive Theory of Multimedia Learning* ni Mayer (2014), sinasabi na sa pagproseso ng impormasyon ng isip ng tao, mayroong dalawang daluyan o channel na ginagamit - ang biswal/piktoryal na *channel* at pandinig/berbal na *channel*. Ang dalawang mga channel na ito ay mayroong limitadong kapasidad lamang sa pagproseso ng impormasyon. Dahil dito, ang *active learning* o aktibong pagkatuto ay nangangailangan ng pagsasakatuparan ng magkakaugnay at sunod-sunod na mga *cognitive process* habang isinasagawa ang proseso ng pagtuturo. Ibig sabihin, kailangang idisenyong mabuti ang mga *multimedia* na gagamitin upang pataasin ang husay nito sa pagtulong na lumalim ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Mayroong mga prinsipyo sa ilalim ng *Cognitive Theory of Multimedia Learning* ni Mayer. Mula rito, mayroong apat na prinsipyo na gagamitin ng mananaliksik sa pagpili ng mga eksena sa teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra* na gagamitin bilang kagamitang pampagtuturo.

Ang *Contiguity Principle* o prinsipyo ng pagkakasunod-sunod ay nagsasabi na ang mga mag-aaral ay mas epektibong matututo kung magkasabay na inihaharap ang magkaugnay na teksto at larawan o video, kumpara sa kung magkasunod itong ipapakita sa mga mag-aaral (Mayer, 2009b). Ito ang dahilan kung bakit kailangang ipakita ang mga



Payawal, L. J. D., & Pilongo, R. A. (2026). GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG. GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG, 1(1), 1021–1058. https://doi.org/10.17613/vw7rt-8y293


ng video sa silid-aralan kaysa ipanuod ito sa mga mag-aaral sa kanilang bahay bilang asignatura.

Ang *Split-Attention Principle* o prinsipyo ng hating atensyon ay nagsasabi naman na dapat iwasan ang pag disenyo ng kagamitang pampagtuturo na nangangailangan ng hating atensyon dahil ito ay nakakadagdag sa *cognitive load* ng mag-aaral (Ayres & Sweller, 2005). Ito naman ang dahilan kung bakit dapat na maglaan ng ilang minuto upang ipanood lamang sa mga mag-aaral ang video at hindi ito dapat sabayan ng pagsasalita ng guro.

Ang *Coherence Principle* o prinsipyo ng pagkakaugnay-ugnay ay nagsasabi naman na mas epektibong natututo ang mga mag-aaral kung ang mga di-kailangang materyal ay inaalis sa halip na isinasama (Mayer, 2009a). Dahil dito, nararapat na piliin lamang ang eksena ng teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra* na ipapanood sa mga mag-aaral bilang kagamitang pampagtuturo at walang mga eksenang hindi mahalaga sa pag-aaral ang isasama.

Ang ikaapat na prinsipyo ay ang *Segmenting Principle* o prinsipyo ng paghahati. Ayon sa prinsipyong ito, mas maiintindihan ng mag-aaral ang mensahe ng ipapalabas kung ito ay hahatiiin sa mga maliliit na bahagi kaysa isang kabuuan. Dahil rito, mga piling eksena lamang ang gagamitin at hindi ang buong serye ang ipapalabas sa mga mag-aaral. Gagamitin din ng mananaliksik ang natuklasan ni Guo (2023) na anim na minuto ang pinaka epektibong haba ng isang *video learning resource*.

Gamit ang apat na konseptong ito ay bubuuin ng mananaliksik ang mga eksena mula sa teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra* na gagamitin bilang kagamitang pampagtuturo sa mga mag-aaral ng ikasiyam na baitang sa asignaturang Filipino. Ang balangkas teoretikal ay makikita sa Pigura Blg 1.




*Pigura Blg 1. Balangkas Teoretikal ng Pananaliksik*

***Paglalahad ng Suliranin***

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong ikumpara ang *narrated slideshow-based* na pagtuturo at ang *dramatized video-based learning* sa pagtuturo ng Noli Me Tangere



Payawal, L. J. D., & Pilongo, R. A. (2026). GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG. GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG, 1(1), 1021–1058. https://doi.org/10.17613/vw7rt-8y293

sa ika siyam na baitang sa asignaturang Filipino. Upang masagot ito, siniyasat ng mananaliksik ang mga sumusunod:

1. Ano ang *Mean Percentage Scores* (MPS) at antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa Ikasiyam na Baitang sa pangkat kontrol na gumamit ng *narrated slideshows* bilang kagamitang pampagkatuto?
2. Ano ang *Mean Percentage Scores* (MPS) at antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa Ikasiyam na Baitang sa pangkat eksperimental na gumamit ng *narrated slideshow* at ng *dramatized video* mula sa teleserye ng GMA Network na Maria Clara at Ibarra bilang karagdagang kagamitang pampagkatuto?
3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa *Mean Percentage Scores* (MPS) sa pagitan ng pangkat kontrol na gagamit ng *narrated slideshow* at sa pangkat eksperimental na gagamit ng *narrated slideshow* at ng *dramatized video* mula sa teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra*?
4. Anong programa ang maaaring irekomenda batay sa mga natuklasan ng pag-aaral?

***Hinuha***

Mula sa mga ipinanukalang mga suliranin ay naibalangkas ng mananaliksik ang sumusunod na *hypothesis*:

1. Walang makabuluhang pagkakaiba sa *Mean Percentage Scores* (MPS) sa pagitan ng pangkat kontrol na gagamit ng *narrated slideshow* at sa pangkat eksperimental na gagamit ng *narrated slideshow* at ng *dramatized video* mula sa teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra*

***Saklaw at Delimitasyon***

Ang pag-aaral na ito ay tumuon lamang sa mga mag-aaral sa ikaapat na markahan ng ikasiyam na baitang, taong panuruan 2025-2026. Sa kurikulum K-12, ang ito ang markahang naglalaman ng pag-aaral ukol sa nobelang *Noli Me Tangere*. Ang mga mag-aaral na magiging bahagi ng pananaliksik na ito ay nag aaral sa Manggahan High School, kung saan nagtuturo sa kasalukuyan ang mananaliksik.

Dalawang pangkat ng mag-aaral ang pinili na magiging kalahok sa pananaliksik na ito. Ang disenyo ng pananaliksik na ito ay experimental at gagagamit ng matched group design sa pagpili ng dalawang pangkat. Gumamit din ang mananaliksik ng *independent samples t-test* upang mapatunayan kung may makabuluhang pagkakaiba ang *Mean Percentage Scores* (MPS) ng dalawang pangkat.

Ang pananaliksik na ito ay sumasaklaw lamang sa mga kabanata ng teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra* na tumutukoy sa mga eksena sa *Noli Me Tangere.* Ang mga kabanata na naglalaman ng mga eskena mula sa El Filibusterismo ay hindi isasama sa pag-aaral.

Dahil ang mga *Most Essential Learning Competencies* (MELCs) ay maaaring magbago, base sa desisyon ng DepEd, ang pananaliksik na ito ay sumasaklaw lamang sa mga MELCs sa panahon na isinagawa ang pag-aaral.



Payawal, L. J. D., & Pilongo, R. A. (2026). GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG. GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG, 1(1), 1021–1058. https://doi.org/10.17613/vw7rt-8y293

Ang pananaliksik na ito ay hindi sumasaklaw at hindi tumutuon sa mga idinagdag na mga *storyline* ng teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra* gaya ng mga kuwento ng pag-ibig ng mga bagong tauhan na wala sa *Noli*.

## METODOLOHIYA

Sa bahaging ito, ilalahad ang disenyo ng pananaliksik, paraan ng pangangalap ng datos, deskripsiyon ng mga kalahok, instrumento at estadistikang ginamit ng mananaliksik.

### *Disenyo ng Pananaliksik*

Nilayong alamin ng pananaliksik na ito kung ang teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra* ay maaaring gamitin bilang mabisang kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Filipino sa ikasiyam na baitang. Ang mananaliksik ay gumamit ng *experimental quantitative research* upang suriin ang itinakdang mga *hypothesis*.

Ang *experimental quantitative research design* ay ginagamit upang makita kung may ugnayan ang dalawa o higit pang mga variable at malaman kung gaano kalaki ang epekto ng mga variable sa isa't isa. Madalas, mayroong dalawang pangkat ng mga respondente, isang pangkat kontrol at isang pangkat eksperimental (Salmons, 2021).

May dalawang variable na sinukat ng mananaliksik: Una ay ang *Independent Variable* na Paggamit o *usage ng learning resource.* Ang *variable* na ito ay isang uri ng *binomial variable* dahil dalawa lamang ang maaaring maging sagot: (1) Ginamit ang teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra* bilang karagdagang kagamitang pampagtuturo at (2) Hindi ginamit ang teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra* bilang karagdagang kagamitang pampagtuturo.

Ikalawa ay ang *Dependent Variable* na *Mean Percentage Score*. Ang *variable* na ito ay isang uri ng *continuous variable*. Ito ay nakukuha sa pamamagitan ng pagkuha ng kabuuang score ng mga mag-aaral at hatiin ito sa dami ng mga mag-aaral na kumuha ng exam (DepEd, 2024). Ang MPS sa pananaliksik na ito ay ang batayan kung ano ang antas ng kasanayan o *mastery level* ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

Upang magamit ang disenyong *experimental quantitative research*, ang mga sumusunod ay dapat na matupad: (1) dapat na mayroong ugnayan ang mga variables, (2) mayroong tiyak na *hypothesis* na susuriin, (3) ang mga respondente ay hahatiin sa mga grupo base sa mga partikular na *criteria,* (4) may pamamagitang eksperimental na gagawin upang baguhin ang *independent variable* at (5) susukatin ang *dependent variable* kaugnay ng pagbabago ng *independent variable*

Lahat ng mga nasabing *criteria* ay nasunod sa pananaliksik na ito.

### *Lugar ng Pag-aaral*

Ang pananaliksik na ito ay ginanap sa Manggahan High School. Ang Manggahan High School (MHS) ay isang pampublikong mataas na paaralan sa ilalim ng DepEd Dibisyon ng Pasig. Ito ay nakatayo sa Magsaysay Ave., Karangalan Village, Manggahan, Pasig City, NCR ("Administration," 2009). Ang paaralang ito ay tumatanggap ng mga mag-aaral mula baitang 7 hanggang 10.



Payawal, L. J. D., & Pilongo, R. A. (2026). GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG. GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG, 1(1), 1021–1058. https://doi.org/10.17613/vw7rt-8y293

Ang kinatatayuan ng paaralan ngayon ay isang dating *Drug Rehabilitation institution*. Pinagtulungan ng dating kapitan ng barangay na si Cris. S. Cruz at dating alkaldeng si Vicente C. Eusebio na ito ay maitalagang isang paaralan simula noong taong 1999. Nagsimula itong mayroong 640 lamang na mga estudyante sa ikapito at ikawalong baitang. Dahil sa mataas na kalidad ng edukasyon, nagkamit ito ng parangal bilang pinakamahusay na paaralan sa dibisyon ng Pasig at San Juan noong taong panuruan 2003-2004.

Ang respondente ng pananaliksik na ito ay ang mga mag-aaral sa ika-9 na baitang dahil ito ang baitang kung saan kasama sa kurikulum ang pag-aaral sa nobelang *Noli Me Tangere*. Ang populasyon ng mag-aaral sa baitang na ito ay 950.

***Mga Kalahok sa Pag-aaral***

Ang mananaliksik ay nakatuon sa mag-aaral sa ika-9 na baitang ng Manggahan High School. Ito ay dahil sa ang pagsusuri ng *Noli Me Tangere* ay nasa kurikulum ng baitang na ito. Ang mga pipiliing mag-aaral ay dapat na makatugon sa mga sumusunod na katangian: (a) Regular na mag-aaral ng Manggahan High School sa ika-9 na baitang (b) Kusang loob na pumapayag na maging bahagi ng pananaliksik na ito (c) Parte ng pangkat na mapipili bilang mga kalahok sa pananaliksik na ito.

Mula sa dalawampu't dalawang mga pangkat sa ikasiyam na baitang sa taong panuruan 2025-2026 sa Manggahan High School ay pumili ng dalawang pangkat na magiging kalahok sa pananaliksik na ito. Ang isang pangkat ay itinalagang control group at ang isa pang pangkat ay itinalaga naman bilang experimental group.

Sa pagpili ng mga pangkat, gumamut ng mananaliksik ang *matched group design*. Sa matched group design, tiniyak ng mananaliksik na ang mga *baseline characteristics* na maaring makaapekto sa resulta ng eksperimento ay magkatulad para sa dalawang pangkat (Hanita et al., 2017). Ang mga sumusunod ang isinaalang-alang sa pagpili ng dalawang pangkat gamit ang *matched group design* : (1) Magkalapit ang kabuuang bilang ng mag-aaral sa parehong pangkat at (2) Magkalapit lamang ang *Summary of Grades* sa asignaturang Filipino sa ikatlong markahan ng mga mag-aaral sa parehong pangkat. Makikita sa Talahanayan 4 ang baseline characteristics ng dalawang pangkat na napili bilang kalahok sa pananaliksik na ito.

**Talahanayan 4**

*Baseline characteristics ng Pangkat Kontrol at Pangkat Eksperimental*

| | Bilang ng Mag-aaral | Grado sa Ikatlong Markahan |
|---|---|---|
| Pangkat Kontrol | 40 | 87.62 |
| Pangkat Eksperimental | 40 | 83.85 |

Ang *matched group design* ay ginamit ni Ayado at Berame (2022) sa pagpili ng pangkat kontrol at pangkat eksperimental nang sinuri nila kung epektibo ang paggamit



Payawal, L. J. D., & Pilongo, R. A. (2026). GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG. GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG, 1(1), 1021–1058. https://doi.org/10.17613/vw7rt-8y293

ng *supplementary modular learning* sa mga mag-aaral sa ika-12 na baitang. Ang ginamit nilang batayan ay grado sa asignaturang *General Chemistry*. Ang pananaliksik naman ni Kassa et al. (2024) ay gumamit ng parehong pamamaraan sa pagpili ng pangkat kontrol at pangkat eksperimental nang sinuri nila ang epekto ng *multimedia and dynamic classroom integrated instruction* sa mga mag-aaral sa ika-11 na baitang sa asignaturang *Biology* sa bansang Ethiopia.

***Instrumentasiyon***

Ang ginamit ng mananaliksik na instrumento ay ang pagsusulit na ginagamit sa ikaapat na markahan ng ikasiyam na baitang sa asignaturang Filipino. Ito ay makikita sa Appendix A. Ang pagsusulit na ito ay binuo ng isang guro sa Filipino sa Baitang 9, sinuri at nirebisa ng dalubguro at puno ng kagawaran at inirekomendang aprubahan ng punong-guro at inaprubahan ng Dibisyon ng Pasig.

Ang mananaliksik ay ginamit ang paraan ng pag kalkula ng *Mean Percentage Scores* na itinakda ng *Department of Education* (DepEd). Upang makuha ang *Mean Percentage Scores*, kinailangang makuha ang kabuuang score ng mga mag-aaral at hinati ito sa dami ng mga mag-aaral na kumuha ng pagsusulit (DepEd, 2024).

***Paraan ng Pagkalap ng Datos***

Ang mananaliksik ay ginawa ang sumusunod na hakbang upang malagom ang mga datos na kailangan sa pananaliksik na ito:

Ang mananaliksik ay pumili ng mga maiikling eksena sa teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra* na maaaring gamitin bilang karagdagang kagamitang pampagtuturo. Ang mga eksenang ito ay hindi dapat tatagal ng higit anim (6) na minuto, batay na rin sa pananaliksik ni Guo (2023) ukol sa pinakamahusay na haba ng isang kagamitang pampagtuturo. Upang magabayan ang mananaliksik sa pagpili ng mga eksenang ito, ginamit ng mananaliksik ang *Evaluation Rating Sheet for Non-Print Materials* (DepEd, 2009), partikular na ang Factor A (*Content Quality* o kalidad ng nilalaman), Factor C (*Technical Quality* o teknikal na kalidad), at Factor D (Other Findings o iba pang puna). Ang mga pamantayan kada Factor ay makikita sa Annex C. Ang mga piling maikling eksena lamang na papasa sa tatlong Factor na ito ang ikokonsidera sa susunod na proseso.

Pagkatapos nito, ang mananaliksik naman ay gumawa ng dalawang *Daily Lesson Log (DLL)* - isa para sa pangkat kontrol at isa para sa pangkat eksperimental. Ang DLL para sa pangkat kontrol ay tulad lamang ng isang karaniwang DLL, kung saan ang gamit na mga kagamitang pampagtuturo ay ang mga kasalukuyang ginagamit ng mga guro sa Filipino. Ang DLL naman para sa pangkat eksperimental ay naglalaman ng parehas na mga paksa sa DLL ng pangkat kontrol ngunit idadagdag dito ang mga piling eksena ng *Maria Clara at Ibarra* na napili mula sa naunang hakbang bilang kagamitang pampagtuturo. Ang mga piling eksena ay hindi gagawin ng mananaliksik kundi pipiliin lamang mula sa teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra.* Ang *edit* lamang na gagawin sa sa mga piling eksena ay ang pag-*cut* sa *video* upang masunod ang anim (6) na minuto na palugit. Ang DLP ng pangkat kontrol at pangkat eksperimental ay



Payawal, L. J. D., & Pilongo, R. A. (2026). GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG. GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG, 1(1), 1021–1058. https://doi.org/10.17613/vw7rt-8y293

ipapaaprubahan sa dalubguro sa Filipino 9 at sa puno ng kagawaran ng Filipino sa paaralan. Ito ay alinsunod sa RA 9155 (DepEd, 2002).

Sa paggawa ng *Daily Lesson Log*, ginamit ng mananaliksik ang ilang mga prinsipyo mula sa Cognitive Theory of Multimedia Learning (Mayer, 2021):

- Base sa *Split-Attention Principle,* hindi dapat sabay na ginagawa pagpapanood ng dramatized video at pagpapaliwanag. Dahil rito, sa DLP na ginawa ng mananaliksik, nakatuon lamang ang mga mag-aaral sa video at hindi ito sasabayan ng pagpapaliwanag ng guro.
- Base naman sa *Contiguity Principle*, pagkatapos ng bawat ipapalabas na video, kasunod agad ang pagpapaliwanag nito. Sa DLP, pagkatapos ng ipalabas ang video ay ipinaliwanag agad ng guro kung ano ang mga pangyayari upang mabigyan ng konteksto ang mga mag-aaral ukol sa kanilang napanood.
- Ayon naman sa *Coherence Principle*, hindi dapat isama ang mga hindi mahalagang materyal sa kagamitang pampagkatuto kaya sa ginawang DLP, pumili lamang ng dalawa hanggang apat na eksena mula sa teleserye ng GMA Network na Maria Clara at Ibarra kada araw ng pagtuturo para ipanood sa mga mag-aaral.
- Ayon sa *Segmenting Principle*, kailangang mahati sa maliliit na bahagi ang ipapanood at hanggang 6 minuto lamang dapat ang haba ng bawat video. Sa DLP, ang average na tagal ng bawat video ay 2 minuto at 32 segundo.

May dalawang pangkat na pinili para sa pananaliksik na ito - ang pangkat kontrol at pangkat eksperimental. Ang pagpili ng dalawang pangkat ay base sa *matched group design* kung saan hindi random ang pagpili ng mga kalahok ngunit sisiguruhing ang katangian ng dalawang pangkat ay halos magkaparehas. Ang pipiliing dalawang pangkat ay mayroong magkalapit na kabuuang bilang ng mag-aaral at mayroong magkalapit na Summary of Grades sa asignaturang Filipino sa ikatlong markahan ng mga mag-aaral. Gagamitin ang *fishbowl method* upang piliin kung alin sa dalawang grupo ang magiging pangkat kontrol at alin naman ang pangkat eksperimental. Ang dalawang pangkat na ito ay tinuruan ng isang guro sa Filipino.

Ang lahat ng mga paghahandang ito ay ginawa bago magsimula ang ikaapat na markahan sa taong panuruan 2025-2026. Sa simula ng ikaapat na markahan, ang DLL para sa pangkat kontrol at eksperimental ay isinagawa na. Ginawa ang pagtuturo hanggang sa dulo ng taong panuruan - kasama sa pagtuturo ang mga pagsusulit ng mga mag-aaral. Pagkatapos nito, nilagom ang mga resulta ng mga ginawang mga pagsusulit sa ikaapat na markahan.

Ang mga nilagom na datos ay ginamit sa *hypothesis testing.*

### *Pagsusuri ng Datos*

Upang masuri ang mga datos, nilagom ang mga *Mean Percentage Scores* ng mga mag-aaral mula sa pangkat kontrol at pangkat eksperimental. Ang datos ay ginamitan ng *Independent Samples t-test*. Ang *statistical test* na ito ay ginagamit kung nais ikumpara ang isang dependent variable ng dalawang independenteng *pangkat* . Ang mga sumusunod ay ang kondisyon sa paggamit ng *Independent Samples t-test* (Laerd Statistics, 2018a): Ang *dependent variable* ay dapat na isang *continuous variable*, ang



Payawal, L. J. D., & Pilongo, R. A. (2026). GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG. GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG, 1(1), 1021–1058. https://doi.org/10.17613/vw7rt-8y293

*independent variable* ay dapat na dalawang *categorical* at *independent group*, independente ang obserbasyon, walang makabuluhang *outlier*, at ang datos ay dapat na tinatayang *normally distributed*. Ang mga kondisyong ito ay nasunod sa pananaliksik na ito. Mula rito ay ipapakita ng mananaliksik ang *descriptive statistics* ng nalagom na datos.

Pagkatapos nito, ang datos ay sinailalim sa pagsusuri sa pamamagitan ng *Excel Analysis ToolPak*. Ang *software* na ito ay may kakayahang suriin ang datos gamit ang *independent samples t-test.* Mula rito ay nagkaroon ng resulta ang isinagawang *hypothesis testing*. Gamit ang *Independent Samples t-test*, dalawang impormasyon ang maaaring makuha sa isasagawang hypothesis testing (Laerd Statistics, 2018a):

Ang una ay ang *Group Statistics Table*. Makikita rito ang diskriptibong estadistika ng pangkat kontrol at pangkat eksperimental. Kalakip ng talahanayan na ito ang bilang ng mag-aaral bawat pangkat, mean, standard deviation.

Ang ikalawa ay ang *Independent Samples Test Table*. Sa talahanayan na ito makikita kung mayroong makabuluhang pagkakaiba ang *Mean Percentage Scores* (MPS) ang pangkat kontrol na gumamit ng tradisyunal na paraan ng pagtuturo at ng pangkat eksperimental na gumamit ng teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra* bilang karagdagang kagamitang pampagtuturo. Dito rin malalaman kung ang *null hypothesis* ba ay tatanggapin o hindi tatanggapin ng mananaliksik. Upang malaman ito, susuriin ng mananaliksik ang *p value* sa *0.05 significance level* mula sa resulta ng *test*.

Kung ang *p value* ay mas mababa kaysa sa *significance level na 0.05*, mapagpapasiyahan ng mananaliksik na hindi tanggapin ang *null hypothesis.* Ibig sabihin, **mayroong** makabuluhang pagkakaiba sa *Mean Percentage Scores (MPS)* sa pagitan ng pangkat kontrol na gumagamit ng batayang kurikulum K-12 at pangkat eksperimental na gumamit ng teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra* bilang karagdagang pampagtuturo.

Kung ang *p value* ay mas mataas kaysa sa *significance level na 0.05*, mapagpapasiyahan ng mananaliksik na tanggapin ang *null hypothesis*. Ibig sabihin, **walang** makabuluhang pagkakaiba sa *Mean Percentage Scores* (MPS) sa pagitan ng pangkat kontrol na gumagamit ng batayang kurikulum K-12 at pangkat eksperimental na gumamit ng teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra* bilang karagdagang pampagtuturo.

## RESULTA

Sa bahaging ito ilalahad ang datos na nalagom mula sa mga kalahok sa pagsusuri, ang pagsusuri ng mga datos na ito gamit ang mga instrumentong estadistika at ang paglalahad ng interpretasyon sa resulta ng ginawang pagsusuri.

### *Paglalahad ng mga Natuklasan*

Mula sa dalawampu't dalawang mga pangkat sa ikasiyam na baitang sa taong panuruan 2025-2026 sa Manggahan High School pumili ang mananaliksik ng dalawang pangkat upang maging kalahok sa pananaliksik na ito. Ginamit ng mananaliksik ang *matched group design* batay sa *baseline characteristics* ng mga pangkat. Ang *baseline characteristics* na pinagbatayan ay ang kabuuang bilang ng mag-aaral o *class size* at ang marka ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa ikatlong markahan. Mula rito ay



Payawal, L. J. D., & Pilongo, R. A. (2026). GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG. GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG, 1(1), 1021–1058. https://doi.org/10.17613/vw7rt-8y293

napili ang dalawang pangkat na pinangalanang Pangkat Kontrol at Pangkat Eksperimental. Ang parehong pamamaraan ay ginamit din sa pag aaral ukol sa paggamit ng panibagong kagamitang pampagtuturo sa Butuan City (Ayado & Berame, 2022) at sa Ethiopia (Kassa et al., 2024). Ang pagpili sa dalawang pangkat kung ano ang Pangkat Kontrol at Pangkat Eksperimental ay ginawa sa pamamagitan ng *Fishbowl Method*.

Ang Pangkat Kontrol ay hindi ginamitan ng mga piling eksena mula sa teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra* bilang karagdagang kagamitang pampagtuturo. Ang Pangkat Eksperimental naman ay ginamitan ng mga piling eksena mula sa teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra* bilang karagdagang kagamitang pampagtuturo. Matapos na isagawa ang pagtuturo sa buong ikaapat na markahan, sumailalim sa parehong pagsusulit ang dalawang Pangkat. Mula sa mga marka ng mga estudyante sa pagsusulit ay gumawa ang mananaliksik ng *Table of Mastery Level* para sa Pangkat Kontrol at Pangkat Eksperimental.

Sa Pangkat Kontrol, isa lamang ang "*Mastered*" na MELCs at isa lamang rin ang "*Closely Approximating Mastery*" na kasanayan. Ang bilang na ito ay kaunti lalo na at ang mga MELCs ay itinatag ng DepEd upang magkaroon ng "resilient education systems" (DepEd, 2020a). May walong MELCs ang may antas na "*Moving Towards Mastery*," at pito naman ang nasa ilalim ng "*Average Mastery*".

**Talahanayan 5**

*Bilang ng MELCs sa bawat antas ng kasanayan mula sa datos ng Pangkat Kontrol*

| Mean Percentage Scores (MPS) | Antas ng Kasanayan o Mastery Level | Bilang | Porsyento |
|---|---|---|---|
| 96-100% | Mastered | 1 | 5.88% |
| 86-95% | Closely Approximating Mastery | 1 | 5.88% |
| 66-85% | Moving Towards Mastery | 8 | 47.06% |
| 35-65% | Average Mastery | 7 | 41.18% |
| 15-34% | Low Mastery | 0 | 0.00% |
| 0-14% | Absolutely Low Mastery | 0 | 0.00% |
| | | 17 | 100.00% |

Mula naman sa Pangkat Eksperimental, dalawang MELCs ang nasa antas na "*Mastered*," pito ang "*Closely Approximating Mastery*," pito rin ang "*Moving Towards Mastery*," at isa na lamang ang nasa ilalim ng "*Average Mastery*".



Payawal, L. J. D., & Pilongo, R. A. (2026). GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG. GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG, 1(1), 1021–1058. https://doi.org/10.17613/vw7rt-8y293

**Talahanayan 6**

*Bilang ng MELCs sa bawat antas ng kasanayan mula sa datos ng Pangkat Eksperimental*

| Mean Percentage Scores (MPS) | Antas ng Kasanayan o Mastery Level | Bilang | Porsyento |
|---|---|---|---|
| 96-100% | Mastered | 2 | 11.76% |
| 86-95% | Closely Approximating Mastery | 7 | 41.18% |
| 66-85% | Moving Towards Mastery | 7 | 41.18% |
| 35-65% | Average Mastery | 1 | 5.88% |
| 15-34% | Low Mastery | 0 | 0.00% |
| 0-14% | Absolutely Low Mastery | 0 | 0.00% |
| | | 17 | 100.00% |

Kapansin pansin rin na ang MPS ng lahat ng mga MELCs ay mas mataas sa Pangkat Eksperimental kumpara sa Pangkat Kontrol. Ang pinakamalaking pagkakaiba ng MPS ay ang MELCs na F9PD-IVg-h-59 o "Naihahambing ang mga katangian ng isang ina noon at sa kasalukuyan batay sa napanood na dulang pantelebisyon o pampelikula."

**Talahanayan 8**

*Tatlong MELCs na may pinakamataas na pagkakaiba sa MPS ng Pangkat Kontrol at Pangkat Eksperimental*

| Rank | MELCs Code | MELCs | MPS Pangkat Kontrol | MPS Pangkat Eksperimental | Pagkakaiba sa MPS | Mastery Level |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | F9PD-IVg-h-59 | Naihahambing ang mga katangian ng isang ina noon at sa kasalukuyan batay sa napanood na dulang pantelebisyon o pampelikula | 54 | 86 | 31.5 | Moving Towards Mastery |
| 2 | F9WG-Iva-b-57 | Nagagamit ang mga angkop na salita / ekspresyon sa: - paglalarawan - paglalahad ng sariling pananaw - pag-iisa-isa pagpapatunay | 62 | 90 | 28.33 | Closely Approximating Mastery |
| 3 | F9PB-IVe-f-59 | Naipaliliwanag ang mga kaugaliang binanggit sa kabanata na nakatutulong sa pagpapayaman ng kulturang Asyano | 45 | 67 | 21.75 | Moving Towards Mastery |



Payawal, L. J. D., & Pilongo, R. A. (2026). GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG. GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG, 1(1), 1021–1058. https://doi.org/10.17613/vw7rt-8y293

Ang may pinakakaunting pagkakaiba naman ay ang MELCs na F9WG-IVc-59 o "Nagagamit ang tamang pang-uri sa pagbibigay- katangian."

**Talahanayan 9**

*Tatlong MELCs na may pinakamaliit na pagkakaiba sa MPS ng Pangkat Kontrol at Pangkat Eksperimental*

| Rank | MELCs Code | MELCs | MPS Pangkat Kontrol | MPS Pangkat Eksperi mental | Pagkaka iba sa MPS | Mastery Level |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 17 | F9WG-IVc-59 | Nagagamit ang tamang pang-uri sa pagbibigay- katangian | 91 | 92 | 1 | Closely Approximatin g Mastery |
| 16 | F9PB-IVa-b-56 | Nailalarawan ang mga kondisyong panlipunan bago at matapos isinulat ang akda | 84 | 86 | 2 | Closely Approximatin g Mastery |
| 15 | F9PN-IVd-58 | Naibabahagi ang sariling damdamin sa tinalakay na mga pangyayaring naganap sa buhay ng tauhan | 97 | 99 | 2.5 | Mastered |

Sumailalim ang datos sa *independent sample t-test*. Mula sa resulta ng *Independent Sample t-test*, makikita na ang p-value gamit ang one-tailed test ay 0.0033.

**Talahanayan 7**

*Independent Samples t-Test: Two-Sample Assuming Equal Variances ng Mean Percentage Score (MPS) ng Pangkat Kontrol at Pangkat Eksperimental.*

| | *Pangkat Kontrol* | | *Pangkat Eksperimental* | | *t* | *p* | Cohen's d |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Mean | SD | Mean | SD | | | |
| Mean Percentage Score | 69.961 | 15.168 | 83.441 | 11.656 | -2.906 | 0.003 | 0.997 |

**DISKUSYON**

Sa bahaging ito ilalahad ang paglalagom ng mga natuklasan sa resulta ng pagsusuri, mga konklusyon bunga ng ginawang pagsusuring estadistiko, at mga rekomendasyon para sa mga guro at mga mananaliksik sa hinaharap.



Payawal, L. J. D., & Pilongo, R. A. (2026). GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG. GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG, 1(1), 1021–1058. https://doi.org/10.17613/vw7rt-8y293

### *Pagsagot sa mga Suliranin*

**<u>Suliranin 1: Sagot, Pagsusuri, at Pagtalakay</u>**

Ang *Mean Percentage Scores* (MPS) at antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa Ikasiyam na Baitang sa pangkat kontrol na gagamit ng *narrated slideshows* bilang kagamitang pampagtuturo.

Sa labing pito (17) na *Most Essential Learning Competencies* (MELCs), ang Pangkat Kontrol ay may *Mean MPS* na 69.90, o katumbas ng *Moving Towards Mastery* batay sa antas ng kasanayan sa pamantayan ng Kagawaran Ng Edukasyon. Kung ang *median* na 71 ang pagbabatayan, ang antas ng kasanayan ay hindi iba sa makukuha kung mean ang gagamitin. Bagamat ang *skewness* na *-0.14* ay nagpapakitang ang *curve* ay nakabaling nang bahagya sa kaliwa, pinatutunayan ng mababang standard error na 3.67 na ang mean score na lumabas ay tamang representasyon ng *population mean* (Oja, 2021).

Makikita naman sa Talahanayan 5 ang bilang ng MELCs sa bawat antas ng kasanayan na itinakda ng Kagawaran Ng Edukasyon. Makikitang halos lahat ng mga MELCs ay nasa antas na *Moving Towards Mastery at Average Mastery*. Ito ay kahalintulad ng antas ng kasanayan ng mga mag-aaral noong taong panuruan 2024-2025 na makikita sa Talahanayan 1. Ipinapakita nito na ang resulta ng *Mean Percentage Scores* ng MELCs sa taong panuruan 2025-2026 ay maikukumpara sa resulta noong nakaraang taon kung pareho lamang na *narrated slideshow* ang gagamitin bilang kagamitang pampagtuturo.

**<u>Suliranin 2: Sagot, Pagsusuri, at Pagtalakay</u>**

Ang *Mean Percentage Scores* (MPS) at antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa Ikasiyam na Baitang sa pangkat eksperimental na gagamit ng *narrated slideshow* at ng *dramatized video* mula sa teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra* bilang karagdagang kagamitang pampagtuturo.

Sa labing pito (17) na *Most Essential Learning Competencies* (MELCs), ang Pangkat Eksperimental ay may *Mean MPS* na 83.44, o katumbas din ng *Moving Towards Mastery* batay sa antas ng kasanayan sa pamantayan ng Kagawaran Ng Edukasyon. Kung ang *median* na 86 ang pagbabatayan, ang antas ng kasanayan ay hindi rin iba sa makukuha kung mean ang gagamitin. Katulad ng Pangkat Kontrol, ang skewness ay -0.67 na nangangahulugan na *curve* ay nakabaling din nang bahagya sa kaliwa. Mababa rin ang *standard error* (2.82) na katunayan na ang *mean score* na lumabas ay tamang representasyon ng *population mean*.

Makikita naman sa Talahanayan 6 ang bilang ng MELCs sa bawat antas ng kasanayan na itinakda ng Kagawaran Ng Edukasyon. Makikita naman sa datos ng Pangkat Eksperimental na gumamit ng *dramatized video* mula sa piling mga eksena sa teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra* na halos lahat ng mga MELCs ay nasa antas na *Closely Approximating Mastery* at *Moving Towards Mastery*. Ito ay mas mataas sa resulta ng Pangkat Kontrol at maging sa antas ng kasanayan ng mga mag-



Payawal, L. J. D., & Pilongo, R. A. (2026). GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG. GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG, 1(1), 1021–1058. https://doi.org/10.17613/vw7rt-8y293

aaral noong taong panuruan 2024-2025 na makikita sa Talahanayan 1 na parehong gumamit lamang ng *narrated slideshow* bilang kagamitang pampagtuturo.

**Suliranin 3: Sagot, Pagsusuri, at Pagtalakay**

Ang makabuluhang pagkakaiba sa *Mean Percentage Scores* (MPS) sa pagitan ng pangkat kontrol na gagamit ng *narrated slideshow* at sa pangkat eksperimental na gagamit ng *narrated slideshow* at ng *dramatized video* mula sa teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra.*

Mula sa *Descriptive Statistics* na nakuha mula sa Pangkat Kontrol at Pangkat Eksperimental, makikita na mas mataas ang *Mean Percentage Score* (MPS) ng mga MELCs ng Pangkat Eksperimental kumpara sa Pangkat Kontrol. Upang makita kung ang pagkakaiba na ito ay makabuluhan, ginamit ng mananaliksik ang *Independent Samples t-test* upang ikumpara ang *mean* ng bawat pangkat (Yeager, 2026). Base sa *Levene's Test for Homogeneity of Variance (Laerd Statistics, 2018b)*, ang datos ng dalawang pangkat ay may *equal variances*, kaya ginamit ng mananaliksik ang *Independent Samples t-test na may equal variances*. Ang resulta ng estadistikong pagsusuri gamit ang *Excel Analysis ToolPak* ay makikita sa Talahanayan 7.

Mula sa resulta ng *Independent Sample t-test*, makikita na ang p-value gamit ang one-tailed test ay 0.0033. Dahil ang *p-value* ay mas mababa kaysa sa *significance level* na 0.05, napagpasiyahan ng mananaliksik na hindi tanggapin ang *null hypothesis (Laerd Statistics, 2018b)*. Samakatuwid, **mayroong makabuluhang pagkakaiba** sa *Mean Percentage Scores (MPS)* sa pagitan ng Pangkat Kontrol na gumagamit ng batayang kurikulum K-12 at *narrated slideshow* at Pangkat Eksperimental na gumamit ng batayang kurikulum K-12, *narrated slideshow* at teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra* bilang kagamitang pampagtuturo. Pinapakita rin ng resulta ng *Cohen's d* na malaki ang itinaas ng MPS sa pangkat na gumamit ng *narrated slideshow* at teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra* bilang kagamitang pampagtuturo.

Bukod pa rito, kung ikukumpara ang mga MPS ng bawat MELCs sa Pangkat Kontrol at Pangkat Eksperimental, makikitang lahat ng labimpitong (17) MELCs ay mas mataas ang MPS sa Pangkat Eksperimental. Ang pinakamababang pagkakaiba ay isa (1) na puntos at ang pinakamalaki ay 31.50 na puntos. Makikita sa Talahanayan 8 ang tatlong MELCs na may pinakamataas na pagkakaiba sa MPS ng Pangkat Kontrol at Pangkat Eksperimental.

Ang MELCs na "Naihahambing ang mga katangian ng isang ina noon at sa kasalukuyan batay sa napanood na dulang pantelebisyon o pampelikula" ang may pinakamataas na pagkakaiba sa MPS kapag ikinumpara ang Pangkat Kontrol at Pangkat Eksperimental. Ito ay marahil ay dahil isa sa mga piniling eksena ay ang ukol sa karakter na si Sisa kung saan pinakita ang mga mabubuting katangian ng isang ina. Naging maganda rin ang pagtanggap ng mga mag-aaral sa pagsasadula ng karakter na si Sisa.

Ang MELCs naman na "Nagagamit ang mga angkop na salita / ekspresyon sa: (1) paglalarawan (2) paglalahad ng sariling pananaw (3) pag-iisa-isa (4) pagpapatunay" ay malaki ang pagkakaiba sa MPS dahil napanood ng mga mag-aaral ang mga eksena na hindi lang *drawing* kundi tila realidad. Marahil ay mas madaling nahagilap ng mga mag-



Payawal, L. J. D., & Pilongo, R. A. (2026). GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG. GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG, 1(1), 1021–1058. https://doi.org/10.17613/vw7rt-8y293

aaral ang angkop na salita o ekspresyon at hindi sila nahirapang maglarawan at magbigay ng sariling pananaw dahil hango sa realidad ang kanilang napanood.

Ang MELCs naman na “Naipaliliwanag ang mga kaugaliang binanggit sa kabanata na nakatutulong sa pagpapayaman ng kulturang Asyano” ay mataas ang pagkakaiba sa MPS marahil dahil ang iba sa mga kaugaliang tinalakay sa nobela ay hindi na madalas na makikita sa panahon ngayon, malaking tulong ang nakita ng mga mag-aaral ang mga kaugaliang ito sa isang pagsasadula na hango sa realidad.

Sa kabilang banda, makikita sa Talahanayan 9 ang tatlong MELCs na may pinakamaliit na pagkakaiba sa MPS ng Pangkat Kontrol at Pangkat Eksperimental.

Bagaman mas nakilala ng mga mag-aaral ang mga tauhan dahil sa kanilang napanood, hindi saklaw ng mga pinanood na piling eksena ang pagtuturo sa mga pang-uri. Ito marahil ang dahilan kung bakit ang MELCs na “Nagagamit ang tamang pang-uri sa pagbibigay- katangian” ang may pinakamaliit na pagkakaiba sa MPS. Hindi rin saklaw ng teleserye ang mga kondisyong panlipunan bago at matapos isinulat ang akda kaya naman ang paglalarawan sa mga ito sa banghay-aralin ay walang pagkakaiba sa Pangkat Kontrol at Pangkat Eksperimental. Ito naman ang maaaring dahilan kung bakit maliit ang pagkakaiba sa MPS sa MELCs na “Nailalarawan ang mga kondisyong panlipunan bago at matapos isinulat ang akda.” Para naman sa MELCs na “Naibabahagi ang sariling damdamin sa tinalakay na mga pangyayaring naganap sa buhay ng tauhan”, Ang antas ng kasanayan ng mga bata sa MELCs na ito ay mataas na kaya't kaunti na lang ang naging deperensya sa MPS.

Kung ang Antas ng Kasanayan o *Mastery Level* naman ang pagbabatayan, labing dalawa (12) o 71% ng mga MELCs sa Pangkat Eksperimental ang nakitaan ng pagtaas ng antas. Kapuna-puna na malaking bilang ng mga MELCs na nasa *Moving Towards Mastery* sa Pangkat Kontrol ay nakakuha ng *Closely Approximating Mastery* sa Pangkat Eksperimental. Indikasyon ito na ang paggamit ng mga piling eksena mula sa teleseryeng *Maria Clara at Ibarra* bilang kagamitang pampagtuturo ay may epekto sa pagtaas ng *Mean Percentage Scores* (MPS) at ng Antas ng Kasanayan o *Mastery Level*.

**Suliranin 4: Sagot, Pagsusuri, at Pagtalakay**

Programa na maaaring irekomenda batay sa mga natuklasan ng pag-aaral

Mula sa resulta ng pagsusuri, matitiyak na may magandang ibubunga ang paggamit ng mga piling eksena ng teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra* sa usaping *Mean Percentage Score* (MPS) ng mga *Most Essential Learning Competencies (MELCs)* sa asignaturang Filipino sa ika-9 na baitang. Dahil dito, ang mga sumusunod na programang pagsasanay o *workshop* sa mga guro ay inirerekomenda ng mananaliksik.

**Talahanayan 10**

*Mungkahing programa batay sa mga natuklasan sa pagaaral*

| **Pamagat ng Programa** | **Paggamit ng GMA Network's Maria Clara at Ibarra bilang Kagamitang Pampagtuturo** |
|---|---|



Payawal, L. J. D., & Pilongo, R. A. (2026). GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG. GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG, 1(1), 1021–1058. https://doi.org/10.17613/vw7rt-8y293

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Layunin ng Pagsasanay** | 1. Mapaangat lalo ang kasanayan, kaalaman, at kakayahan ng mga guro sa asignaturang Filipino upang matugunan ang makabagong pangangailangan ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng nobelang Noli Me Tangere.<br><br>2. Makabuo ng tama at makabuluhang Daily Lesson Plan sa ikaapat na markahan sa asignaturang Filipino na ginamitan ng mga piling eksena mula sa teleserye ng GMA Network na Maria Clara at Ibarra.<br><br>3. Mahikayat ang mga guro sa asignaturang Filipino na ikonsidera ang makabagong paraan ng pagtuturo ng nobelang Noli Me Tangere at ito ay magreresulta ng kanilang panibagong sigla sa pagtuturo. | | |
| **Balangkas ng Programa** | Yugto ng Programa | | |
| | I. Paghahanda at Pagpaplano | II. Pagpapatupad | III. Pagsubaybay |
| **Layunin** | 1. Makabuo ng mga komite na mangunguna sa bawat gampanin sa aktibidad<br>2. Maintindihan ng mga mangunguna ang kahalagahan ng gagawing aktibidad<br>3. Masimulan ang pag-iimbita sa mga kalahok sa gagawing workshop | 1. Maisagawa ang programa nang maayos at ayon sa plano<br>2. Malaman ng mga kalahok na guro ang kahalagahan ng paggamit ng kagamitang pampagkatuto<br>3. Matuto ang mga kalahok na guro ukol sa paggamit ng mga piling eksena ng "Maria Clara at Ibarra" bilang kagamitang pagpagkatuto sa pagtuturo ng nobelang Noli Me Tangere | 1. Makabuo ng mga gabay kung paano susubaybayan ng mga guro kung epektibo ang paggamit ng mga piling eksena ng "Maria Clara at Ibarra" bilang kagamitang pampagkatuto sa pagtuturo ng nobelang Noli Me Tangere.<br>2. Lalong mapaunlad ng mga guro ang banghay-aralin sa pamamagitan ng paggamit ng kagamitang pampagkatuto.<br>3. Malaman kung may iba pang epekto sa mga mag-aaral ang paggamit ng "Maria Clara at Ibarra" bilang kagamitang pampagkatuto. |



Payawal, L. J. D., & Pilongo, R. A. (2026). GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG. GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG, 1(1), 1021–1058. https://doi.org/10.17613/vw7rt-8y293

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Programa** | Pagbuo ng mga komite na may kaniya-kaniyang gampanin sa araw ng pagpapatupad sa aktibidad.<br><br>Pagbuo ng mga kagamitan na gagamitin sa araw ng aktibidad.<br><br>Pagtatalaga ng lugar o venue kung saan isasagawa ang seminar. | I. Unang Panalangin<br>II. Paunang Pananalita<br>III. Sesyon 1 - Paglalahad Ng Suliranin at ang Kahalagahan ng Paggamit ng Kagamitang Pampagkatuto<br>IV. Sesyon 2 - GMA Network's "Maria Clara at Ibarra"<br>V. Sesyon 3 - Gabay Sa Pagpili ng mga Eksena at Paglalagay sa Banghay-aralin<br>VI. Sesyon 4 - Paraan ng Pagsubaybay sa Resulta<br>VIII. Panghuling Pananalita<br>IX. Huling Panalangin | Hunyo 2026 - Paggawa ng banghay aralin at pag apruba dito ng dalubguro ng kagawarang Filipino<br><br>Disyembre 2027 - Simula ng ikaapat na markahan. Pagsasakatuparan ng banghay aralin na may mga piling eksena ng "Maria Clara at Ibarra" bilang kagamitang pampagkatuto.<br><br>Enero 2027 - Maikling Pagsusulit ukol sa Noli Me Tangere. Pagsusuri sa resulta ng exam upang makita kung batay ito sa inaasahan.<br><br>Pebrero 2027 - Pag-adjust sa Banghay-aralin kung kinakailangan.<br><br>Marso 2027 - Pagtatapos ng Klase. Ikaapat na Markahang Pagsusulit. Paglagom sa resulta ng MPS.<br><br>Abril 2027 - Brainstorming ng lahat ng guro ukol sa resulta ng pagsubaybay. |
| **Taong Kasangkot** | Dalubguro at Tagapangasiwa ng programa | Dalubguro at Tagapangasiwa ng programa at lahat ng kalahok na guro | Dalubguro at lahat ng kalahok na guro |
| **Panahon ng Pagsasagawa** | Mayo 2026 | Mayo 2026 | Hunyo 2026 |



Payawal, L. J. D., & Pilongo, R. A. (2026). GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG. GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG, 1(1), 1021–1058. https://doi.org/10.17613/vw7rt-8y293

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Inaasahang Awtput** | Mga komite na mangunguna sa:<br>1. Kampanya at imbitasyon<br>2. Pagaasikaso ng lugar o venue<br>3. Pagbuo ng programa<br>4. Pagbuo ng mga kagamitan, visual aids, at learning materials | 1. Matutunan ng mga kalahok na guro ang kahalagahan ng paggamit ng kagamitang pampagkatuto sa pagtuturo n g nobelang Noli Me Tangere<br>2. Matutunan ng mga kalahok na guro kung paano gamitin ang mga piling eksena sa "Maria Clara at Ibarra" bilang kagamitang pampagkatuto sa pagtuturo ng nobelang Noli Me Tangere<br>3. Makagawa ang mga guro ng banghay-aralin na kinokonsidera ang mga piling eksena mula sa "Maria Clara at Ibarra" | 1. Mga banghay aralin ng mga guro sa Ikasiyam na baitang sa asignaturang Filipino<br>2. Pag apruba ng mga dalubguro sa banghay-aralin<br>3. Paggawa ng mga pagsusulit<br>4. Paglalagom ng mga Mean Percentage Score<br>5. Mga plano sa susunod na taon ukol sa paggamit ng mga piling eksena sa "Maria Clara at Ibarra" |

Kung ang mga ito ay naisagawa, inaasahan ng mananaliksik na lalo pang tataas ang antas ng kasanayan sa MELCs ng mga mag-aaral sa ika-9 na baitang sa asignaturang Filipino.

### *Paglalagom Ng Natuklasan*

Batay sa mga datos na nalikom at ginamit sa pagsusuri, ang mga sumusunod na bagay ay natuklasan ng mananaliksik:

1. Mayroong labimpitong (17) *Most Essential Learning Competencies (MELCs)* sa ikasiyam na baitang sa asignaturang Filipino. Ang *Mean Percentage Score (MPS)* sa bawat *MELCs* ay nilagom mula sa mga mag-aaral na kabilang sa Pangkat Kontrol kung saan *narrated slideshow* ang ginamit bilang kagamitang pampagtuturo. Ang *Mean MPS* ng Pangkat Kontrol ay 69.96, *standard deviation* na 15.16, at *standard error* na 3.68. Mula sa resulta ng *MPS*, isa (1) sa mga *MELCs* ay nasa Antas ng Kasanayan na *Mastered*, isa (1) rin ang nasa Antas ng Kasanayan na *Closely Approximating Mastery,* walo (8) ang nasa Antas ng Kasanayan na *Moving Towards Mastery,* at pito (7) ang nasa Antas ng Kasanayan na *Average Mastery.* Ito ay kahalintulad ng antas ng kasanayan ng mga mag-aaral noong taong panuruan 2024-2025 na makikita sa Talahanayan 2.



Payawal, L. J. D., & Pilongo, R. A. (2026). GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG. GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG, 1(1), 1021–1058. https://doi.org/10.17613/vw7rt-8y293

2. Ang *Mean MPS* ng Pangkat Eksperimental ay 83.44, *standard deviation* na 11.66, at *standard error* na 2.82. Mula sa resulta ng *MPS*, dalawa (2) sa mga *MELCs* ay nasa Antas ng Kasanayan na *Mastered*, pito (7) ang nasa Antas ng Kasanayan na *Closely Approximating Mastery,* pito (7) rin ang nasa Antas ng Kasanayan na *Moving Towards Mastery,* at isa (1) ang nasa Antas ng Kasanayan na *Average Mastery.* Ito ay mas mataas kumpara sa resulta ng Pangkat Kontrol.
3. Ayon sa *Levene's Test for Homogeneity of Variance*, ang datos ng dalawang pangkat ay may *equal variances*. Dahil dito, ginamit ng mananaliksik ang *Independent Samples t-Test na may equal variances*. Gumamit ang mananaliksik ng *significance level* na 0.05. Mula sa resulta ng estadistikong pagsusuri, ang *one-tailed p-value* ay 0.0033 na mas mababa sa itinakdang *significance level*.

**Konklusyon**

Mula sa kinalabasan ng pananaliksik na ito, ang mga sumusunod ay ang naging konklusyon ng mananaliksik:

1. Ang *Mean MPS* (*Mean Percentage Score*) ng Pangkat Kontrol ay 69.96 o katumbas ng *Moving Towards Mastery* batay sa antas ng kasanayan sa pamantayan ng Kagawaran Ng Edukasyon. Nasa 88% ng mga *MELCs* ay may *MPS* na papasok sa *Moving Towards Mastery* at *Average Mastery* na siyang nasa gitnang bahagi ng Antas ng Kasanayan alinsunod sa pamantayan na itinakda ng Kagawaran Ng Edukasyon. Ang resultang ito ay hindi nalalayo sa resulta ng MPS noong taong panuruan 2024-2025 kung saan ginamit din ang *narrated slideshow* bilang kagamitang pampagtuturo. Ipinapakita nito na ang patuloy na paggamit ng *narrated slideshow* ay magreresulta lamang sa karamihan ng MELCs sa *Average Mastery* hanggang *Moving Towards Mastery* na Antas ng Kasanayan sa ikaapat na markahan ng ikasiyam na baitang sa asignaturang Filipino kung saan itinuturo ang ukol sa nobela ni Rizal na Noli Me Tangere.
2. Ang *Mean MPS (Mean Percentage Score*) naman ng Pangkat Eksperimental ay 83.44 o katumbas din ng *Moving Towards Mastery* batay sa antas ng kasanayan sa pamantayan ng Kagawaran Ng Edukasyon. Sa Pangkat Eksperimental, nasa 82% ng mga MELCs ay may MPS na papasok sa *Closely Approximating Mastery* at *Moving Towards Mastery* na siyang nasa itaas na kalahating bahagi ng Antas ng Kasanayan alinsunod sa pamantayan na itinakda ng Kagawaran Ng Edukasyon. Ang *Mean MPS* ng Pangkat Eksperimental, na ginamitan ng *dramatized video* mula sa mga piling eksena ng teleserye ng GMA Network na "*Maria Clara at Ibarra*," ay mas mataas kumpara sa *Mean MPS* ng Pangkat Kontrol na ginamitan ng *narrated slideshow* bilang kagamitang pampagtuturo sa ikaapat na markahan ng ikasiyam na baitang sa asignaturang Filipino kung saan itinuturo ang ukol sa nobela ni Rizal na Noli Me Tangere.
3. Mula sa resulta ng *Independent Sample t-Test assuming Equal Variances*, nakita ng mananaliksik na **mayroong makabuluhang pagkakaiba** sa *Mean Percentage Scores* (MPS) sa ikaapat na markahan sa ikasiyam na baitang sa asignaturang Filipino sa pagitan ng Pangkat Kontrol na gumagamit ng batayang kurikulum K-12 at *narrated slideshow* at Pangkat Eksperimental na gumamit batayang kurikulum



Payawal, L. J. D., & Pilongo, R. A. (2026). GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG. GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG, 1(1), 1021–1058. https://doi.org/10.17613/vw7rt-8y293

K-12, *narrated slideshow* at ng mga piling eksena mula sa teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra* bilang kagamitang pampagtuturo. Bukod dito, nalaman ng mananaliksik na ang tatlong MELCs na may pinakamataas na pagkakaiba sa MPS ay may kinalaman sa kasanayan ng mga mag-aaral na maglarawan at ang mga piling eksena mula sa teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra* na hango sa realidad ay malaking tulong upang malinang ito.

4. Dahil nalaman ng mananaliksik na makabuluhan ang mas mataas na *Mean Percentage Score* (MPS) ng Pangkat Eksperimental, ang mga guro sa asignaturang Filipino ay inirerekomendang sumailalim sa pagsasanay o workshop kung saan ituturo kung paano gamitin ang mga piling eksena sa teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra* sa pagtuturo ng nobelang Noli Me Tangere sa mga mag-aaral sa ikasiyam na baitang. Ang program ay may tatlong yugto: (1) Paghahanda at Pagpaplano, (2) Pagpapatupad , at (3) Pagsubaybay. Pangungunahan ito ng dalubguro ng departamento ng Filipino at ng tagapangasiwa ng programa at lalahukan naman ng mga guro sa Filipino. Tatalakayin sa pagsasanay o *workshop* ang mga sumusunod na paksa: (1) Paglalahad Ng Suliranin at ang Kahalagahan ng Paggamit ng Kagamitang Pampagtuturo, (2) GMA Network's *Maria Clara at Ibarra*, (3) Gabay Sa Pagpili ng mga Eksena at Paglalagay sa Banghay-Aralin at (4) Paraan ng Pagsubaybay sa Resulta.

**Rekomendasyon**

Alinsunod sa resulta ng pananaliksik na ito, ang mga sumusunod ay inirerekomenda ng mananaliksik:

1. Bukod sa paggamit ng mga piling eksena bilang kagamitang pampagtuturo, bigyang pansin din at pag-isipan ng mga dalubguro kung paano pa mapataas ang antas ng kasanayan sa mga MELCs na pinakamababa ang pagkakaiba ng MPS at maging ang mga MELCs na may pinakamababang antas ng kasanayan.
2. Maaaring gumawa ng mas masusing pananaliksik ukol sa pagpili ng mga eksenang gagamitin bilang kagamitang pampagtuturo. Kung maaari ay gawing istandardisado ang mga eksenang gagamitin ng mga guro upang maging husto ang mabuting epekto ng paggamit nito sa pagtuturo.
3. Hindi dapat na masapatan ang mga guro na gamitin lamang ang teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra* sa pagtuturo. Labis na inirerekomenda ng mananaliksik na ang panonood ng mga piling eksena ay dapat sabayan ng pagbabasa ng nobela at ng paliwanag mula sa guro upang labis na maintindihan ng mga mag-aaral ang mga nais iparating ng nobela.
4. Bukod sa teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra*, maaari ring subukan ng ibang mananaliksik na gamitin o idagdag ang iba pang mga pelikula o pagsasadula ng *Noli Me Tangere*.
5. Dahil saklaw din ng teleserye ng GMA Network na *Maria Clara at Ibarra* ang mga kaganapan sa nobelang El Filibusterismo, inirerekomenda sa mga mananaliksik sa hinaharap na ito ay pag-aralan at alamin kung makabuluhan din ba itong



Payawal, L. J. D., & Pilongo, R. A. (2026). GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG. GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG, 1(1), 1021–1058. https://doi.org/10.17613/vw7rt-8y293

gamitin bilang kagamitang pampagtuturo sa Ika-10 na baitang kung saan itinuturo ang nobelang El Filibusterismo.

**Konsiderasyong Etikal**

Ang pananaliksik na ito ay kinokonsidera ang mga etikal na aspeto ng paglalagom ng datos. Tiniyak ng mananaliksik na ang mga sumusunod na konsiderasyon etikal ay nasunod:

1. Tiniyak ng mananaliksik na alam ng mga respondente na sila ay magiging kalahok sa pag-aaral na ito. Ang paglahok ng mga mag-aaral sa pananaliksik na ito ay kusang-loob at hindi pinilit ng sinoman. Bago isagawa ang pananaliksik na ito, gumamit ang mananaliksik ng *consent form* na inaprubahan ng puno ng kagawaran at ng punongguro ng paaralan na ipinamahagi sa mga napiling mag-aaral. Ang lahat ng mga *consent form* ay tiniyak na nabasa at nalagdaan ng mga magulang ng mga kalahok na mag-aaral. Ang mga kalahok ay maaaring tumanggi o huminto anomang oras mula sa paglahok ng pananaliksik na ito.
2. Ang mananaliksik ay pinanatili at pananatilihin ang kompidensyaliti ng mga datos na nalagom mula sa pag-aaral na ito. Ang mananaliksik ay hindi ibubunyag ang anomang pagkakakilanlan ng mga respondente o kalahok sa sinomang tao na hindi kasangkot sa pananaliksik na ito. Hindi gagamitin ng mananaliksik ang totoong mga pangalan ng sinomang kalahok at maging ang pangkat kung saan sila kabilang. Ang dalawang pangkat ng mag-aaral na ginamit sa pananaliksik na ito ay tinawag lamang bilang pangkat kontrol at pangkat eksperimental.
3. Ang mga datos na nalagom ay nakaimbak sa *secured* na *storage drive* at walang anumang siping pisikal ang naiwan sa pangangalaga ng mananaliksik.
4. Bago gawin ang pananaliksik, tiniyak ng mananaliksik na naipalam ang gagawing pag-aaral sa Dibisyon ng Pasig at sa Punungguro ng Manggahan High School.
5. Tiniyak din ng mananaliksik na walang anomang pisikal, emosyonal, o sikolohikal na panganib ang naidulot ng pananaliksik na ito sa mga mag-aaral na kalahok.
6. Tiniyak ng mananaliksik na lahat ng mga ideya at impormasyon na nalagom mula sa iba't ibang mga pananaliksik o literatura ay nabigyan ng kaukulang pagsipi o *citation* at reperensiya. Ang listahan ng mga reperensiya ay makikita sa Bibliograpiya. Ang mga direktang sipi o tuwirang pahayag mula sa ibang mga mananaliksik ay ginamitan ng mga panipi upang maitangi ito.
7. Isinaalang-alang din ng pananaliksik na ito ang karapatang-ari o *intellectual property rights*. Anomang instrumentong pananaliksik na ginamit ng mananaliksik na mula sa ibang mananaliksik o awtor ay binigyan ng marapat na pagkilala at hingan ng pahintulot. Mahigpit ding sumunod sa batas o sa *Republic Act No. 8293 o Intellectual Property Code of the Philippines* ang mananaliksik upang matiyak na lahat ng ginawang paggamit ng mga pag-aari ng ibang awtor ay legal na nagawa.
8. Hindi gumamit ng anumang AI software ang mananaliksik sa pananaliksik na ito.
9. Tinitiyak din ng mananaliksik na naging masipag, matiyaga at masinop ito sa pangangalap ng datos.
10. Panghuli, tinitiyak ng mananaliksik na naging tapat sa anomang naging resulta ng pag-aaral na ito.



Payawal, L. J. D., & Pilongo, R. A. (2026). GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG. GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG, 1(1), 1021–1058. https://doi.org/10.17613/vw7rt-8y293

## REFERENCES


Administration. (2009, August 29). WELCOME TO MANGGAHAN HIGH SCHOOL. https://mhspasig.wordpress.com/administration/

Ahmed, S., Baloch, M. A., & Karim, H. (2024). Investigating the Impact of Teaching-Learning Materials on Students' Academic Performance in Government Primary Schools in the Naseerabad Division, Balochistan, Pakistan. Journal of Development and Social Sciences, 5(I). https://doi.org/10.47205/jdss.2024(5-I)49

Ayado, D. M., & Berame, J. S. (2022). Effectiveness of supplementary modular learning materials to grade 12 students in science, technology, engineering, mathematics track in stoichiometry. International Journal of Educational Policy Research and Review, 9(4), 112–135. https://doi.org/10.15739/IJEPRR.22.013

Ayres, P., & Sweller, J. (2005). The Split-Attention Principle in Multimedia Learning. In R. Mayer (Ed.), The Cambridge Handbook of Multimedia Learning (pp. 135–146). Cambridge University Press. https://doi.org/10.1017/CBO9780511816819.009

Biffi, E., & Woodbury, M. (2019). Interactive Multimedia Learning vs. Traditional Learning in Optometry: A Randomized Trial, B-scan Example. https://journal.opted.org/article/interactive-multimedia-learning-vs-traditional-learning-in-optometry-a-randomized-trial-b-scan-example/

Briones, L. (2022, December 8). Here's why you should watch GMA's "Maria Clara at Ibarra." Your Guide to the Big City. https://villagepipol.com/here-s-why-you-should-watch-gmas-maria-clara-at-ibarra/

Bušljeta, R. (2013). Effective Use of Teaching and Learning Resources. Czech-Polish Historical and Pedagogical Journal, 5(2). https://doi.org/10.2478/cphpj-2013-0014

Cho, K. W., & Permzadian, V. (2024). The impact of open educational resources on student achievement: A meta-analysis. International Journal of Educational Research, 126, 102365. https://doi.org/10.1016/j.ijer.2024.102365

Choa, S. H. C. (1999). Representational Practice in Rizal's "Noli Me Tangere." Philippine Studies, 47(4), 550–557.

Choa, S. H. C. (2012). Representational Practice in Rizal's Noli Me Tangere. Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints, 47(4). https://doi.org/10.13185/2244-1638.4570

Claudio, L. E. (2019). Jose Rizal: Liberalism and the Paradox of Coloniality. Palgrave Macmillan.

Content Asia. (2022, October 19). GMA's "Maria Clara at Ibarra" tops time slot; Philippines time-shift prime-time drama closing in on "Lolong" | ContentAsia. https://www.contentasia.tv/news/gmas-maria-clara-ibarra-tops-time-slot-philippines-time-shift-prime-time-drama-closing-lolong

Corona, J. E. B. (2023). Impacts of Rediscovering Jose P. Rizal's Noli me Tangere through Adaptation in Television Drama Series during Post-Pandemic Situation in the New Normal.

Cromarty, E., Young, M. A., & Elias, S. (2023). The Use of Film to Motivate Interest in Students with Learning Differences through Imagination and Diverse Thinking in Higher Education. 7(3).

DepEd. (2002). Republic Act No. 9155—An Act Instituting a Framework of Governance for Basic Education, Establishing Authority and Accountability, Renaming the Department of Education, Culture and Sports as the Department of Education, and for Other Purpose. https://elibrary.judiciary.gov.ph/thebookshelf/showdocs/2/7353

DepEd. (2009, March). Guidelines And Processes For LRDMS Assessment & Evaluation. https://lrmds.deped.gov.ph/docs/LRMDSGuidelines.pdf
DepEd. (2012). DepEd Memorandum 160 s2012 [Letter]. https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2012/09/DM_s2012_160.pdf
DepEd. (2016). K to 12 Gabay Pangkurikulum Filipino (Baitang 1-10). https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/01/Filipino-CG.pdf
DepEd. (2020a). Guidelines on the Use of the Most Essential Learning Competencies (MELCS).
DepEd. (2020b). MELCs | Department of Education. https://www.deped.gov.ph/2020/07/13/melcs/
DepEd. (2021, March). Deped Learning Resource Portal. Deped Learning Resource Portal. http://lrmds.deped.gov.ph
DepEd. (2022). K to 12 Most Essential Learning Competencies. https://www.teacherph.com/wp-content/uploads/2022/08/MELCS-FINAL-TEACHERPH.COM_.pdf
DepEd. (2024). Statistical Output Requirements for the 2024 National Achievement Test for Grade 10 (NATG10) Annex E.
DeStephano, M. (2011). José Rizal, the Quest for Filipino Independence, and the Search for Ultimate Reality and Meaning. Ultimate Reality and Meaning, 34(1–2), 113–129. https://doi.org/10.3138/uram.34.1-2.113
Dulay, Z. (Director). (2022). Maria Clara at Ibarra [Video recording]. https://tvtropes.org/pmwiki/pmwiki.php/Series/MariaClaraAtIbarra
Falqueza, F. T. (2009). Touching The Truth: Applying Literary Realist Theory to Jose Rizal's "Noli Me Tangere" (Touch Me Not).
Francia, L. (2024). Noli Me Tangere (Touch Me Not) by Jose Rizal—Reading Guide. PenguinRandomhouse.Com. https://www.penguinrandomhouse.com/books/291131/noli-me-tangere-touch-me-not-by-jose-rizal/9780143039693
Godinez, B. (2024, November 25). "Noli yarn?" How GMA-7's hit teleserye Maria Clara at Ibarra came about. PEP.Ph. https://www.pep.ph/news/local/170101/maria-clara-at-ibarra-a755-20221224-lfrm3
Guo, P. (2023). Optimal Video Length for Student Engagement.
Halid, S. J. Q., Newella Lea Payod, Mañosca, Y. P., Gallegos, C. J., Hiena L Maranan, Rivero, O., Irad, M. D. G., Allayban, A. J. G., Bollosa, X. B., & Benedito, J. C. (2024). LIGHTS, CAMERA, LEARNING A COMPARATIVE STUDY BETWEEN VIDEO VISUAL AIDS AND TRADITIONAL VISUAL AIDS ON GRADE 11 STEM STUDENTS' ACADEMIC PERFORMANCE IN EARTH SCIENCE. https://doi.org/10.13140/RG.2.2.32889.89441
Hanita, M., Ansel, D., & Shakman, K. (2017). Matched-Comparison Group Design: An Evaluation Brief for Educational Stakeholders.
Hermosa, A. M. (2023, March 9). The beauty of history and Philippine television in 'Maria Clara at Ibarra.' TomasinoWeb. https://tomasinoweb.org1687004378415-4a11a518-The-beauty-of-history-and-Philippine-television-in- Maria-Clara-at-Ibarra
Hilario, A. (2023, January 7). "#MCIDingginNiyoKami" at "Ibarra," trending sa Twitter! https://www.gmanetwork.com/entertainment/tv/maria_clara_at_ibarra/96768/mcidingginniyokami-at-ibarra-trending-sa-twitter/story
Jaluague, A. (2023, March 9). Rant and Rave: Reliving past mistakes with 'Maria Clara at Ibarra.' The LaSallian. https://thelasallian.com/2023/03/09/rant-and-rave-reliving-past-mistakes-with-maria-clara-at-ibarra/
Kassa, M. M., Azene, M. K., Mengstie, S. M., & Ferede, M. W. (2024). Effect of using multimedia and dynamic classroom integrated instruction on grade 11 students' biology



Payawal, L. J. D., & Pilongo, R. A. (2026). GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG. GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG, 1(1), 1021–1058. https://doi.org/10.17613/vw7rt-8y293

academic achievement. Heliyon, 10(18), e37315. https://doi.org/10.1016/j.heliyon.2024.e37315
Laerd Statistics. (2018a). Independent t-test in SPSS Statistics—Procedure, output and interpretation of the output using a relevant example. https://statistics.laerd.com/spss-tutorials/independent-t-test-using-spss-statistics.php
Laerd Statistics. (2018b). Independent T-Test—An introduction to when to use this test and what are the variables required | Laerd Statistics. https://statistics.laerd.com/statistical-guides/independent-t-test-statistical-guide.php
Llemit, K. A. (2023a, April 16). "Maria Clara at Ibarra" no. 1 show on Netflix Philippines, fans petition for worldwide release. Philstar.Com. https://www.philstar.com/entertainment/2023/04/16/2259351/maria-clara-ibarra-no-1-show-netflix-philippines-fans-petition-worldwide-release
Llemit, K. A. (2023b, April 20). "Maria Clara at Ibarra" bags bronze medal at 2023 New York Festivals Film and TV Awards. Philstar.Com. https://www.philstar.com/entertainment/2023/04/20/2260359/maria-clara-ibarra-bags-bronze-medal-2023-new-york-festivals-film-and-tv-awards
Llemit, K. A. (2023c, December 21). "Maria Clara at Ibarra" most-viewed series, garners 22M total viewing hours. Philstar.Com. https://www.philstar.com/entertainment/2023/12/21/2320516/maria-clara-ibarra-most-viewed-series-garners-22m-total-viewing-hours
Lofredo, M. P. (2017). 130 Years of Rizal's Noli Me Tangere: Revisiting A Cultural Treasure, Reviving A National Inspiration. GAWI: Journal on Culture Studies, 2(2), 1–1.
Mallorca, H. (2023, February 27). IN THE SPOTLIGHT: Scenes in 'Maria Clara at Ibarra' that deviated from Jose Rizal's books. INQUIRER.Net. https://entertainment.inquirer.net/487963/in-the-spotlight-what-maria-clara-at-ibarra-reminds-us-about-confronting-our-dark-past
Maria Clara and Ibarra (2022-2023) Ratings. (2024). Rating Graph. https://www.ratingraph.com/tv-shows/maria-clara-and-ibarra-ratings-101366/
Mayer, R. E. (Ed.). (2009a). Coherence Principle. In Multimedia Learning (2nd ed., pp. 89–107). Cambridge University Press. https://doi.org/10.1017/CBO9780511811678.007
Mayer, R. E. (Ed.). (2009b). Temporal Contiguity Principle. In Multimedia Learning (2nd ed., pp. 153–170). Cambridge University Press. https://doi.org/10.1017/CBO9780511811678.011
Mayer, R. E. (2014). Cognitive Theory of Multimedia Learning. In R. E. Mayer (Ed.), The Cambridge Handbook of Multimedia Learning (2nd ed., pp. 43–71). Cambridge University Press. https://doi.org/10.1017/CBO9781139547369.005
Mayer, R. E. (2021). Cognitive Theory of Multimedia Learning. In L. Fiorella & R. E. Mayer (Eds.), The Cambridge Handbook of Multimedia Learning (3rd ed., pp. 57–72). Cambridge University Press. https://doi.org/10.1017/9781108894333.008
Michael, F. B., Uwaechia, F. C., Omowumi, O. E., Chinenye, E. C., & Temitope, O. F. (2024). Impact Of Inadequate Instructional Materials On The Effective Teaching And Learning Of Physics In Bwari Area Council Of Nigeria Federal Capital, Abuja Implication For Preparing Future Engineers. 4(3).
Nava, L., Ocrisma, R. K., Loquinario, J., Benavente, J., Gucilatar, D. R., Rosales, E., & Gucilatar, P. J. (2025). Maria Clara at Ibarra Series: Perceptions of College Students on Its Impact towards Studying History. INTERNATIONAL JOURNAL OF RESEARCH AND INNOVATION IN SOCIAL SCIENCE (IJRISS). https://doi.org/10.2139/ssrn.5065151



Payawal, L. J. D., & Pilongo, R. A. (2026). GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG. GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG, 1(1), 1021–1058. https://doi.org/10.17613/vw7rt-8y293

Nickson, C. (2018, November 2). Cognitive Theory of Multimedia Learning. Life in the Fast Lane • LITFL. https://litfl.com/cognitive-theory-of-multimedia-learning/
Ogbu, J. E. (2015). Influences of inadequate instructional materials and facilities in teaching and learning of electrical/electronic technology education courses. International Journal of Vocational and Technical Education, 7(3), 20–27.
Oja, M. (2021, July 17). 9.2: Independent Samples t-test Equation. Statistics LibreTexts. https://stats.libretexts.org/Courses/Taft_College/PSYC_2200%3A_Elementary_Statistics_for_Behavioral_and_Social_Sciences_(Oja)/02%3A_Mean_Differences/09%3A_Independent_Samples_t-test/9.02%3A_Independent_Samples_t-test_Equation
Republic Act No. 1425. (1956, June 12). Official Gazette of the Republic of the Philippines. https://www.officialgazette.gov.ph/1956/06/12/republic-act-no-1425/
Salmons, J. (2021, February 5). Experiments and Quantitative Research. Sage Research Methods Community. https://researchmethodscommunity.sagepub.com/blog/experiments-quantitative-methodologies
Stelzer, T., Gladding, G., Mestre, J., & Brookes, D. T. (2009). Comparing the efficacy of multimedia modules with traditional textbooks for learning introductory physics content. American Journal of Physics, 77(2), 184–190. https://doi.org/10.1119/1.3028204
Sunnexdesk. (2022, October 22). “Maria Clara at Ibarra” Marks Milestone Achievements. SunStar Publishing Inc. https://www.sunstar.com.ph/cebu/lifestyle/maria-clara-at-ibarra-marks-milestone-achievements
The hit historical fantasy series “Maria Clara and Ibarra” is coming to Netflix! (2023, March 9). GMA Entertainment. https://www.gmanetwork.com/entertainment/showbiznews/news/99041/the-hit-historical-fantasy-series-maria-clara-and-ibarra-is-coming-to-netflix/story
The Review Stop. (2023, March 9). Maria Clara at Ibarra Gives Audiences A Deeper Analysis of Rizal’s Masterpieces. Medium. https://medium.com/@thereviewstop/maria-clara-at-ibarra-gives-audiences-a-deeper-analysis-of-rizals-masterpieces-23b31382625d
Thyra, K. (2023). “Maria Clara at Ibarra” on Netflix Review: The Perfect Blend of Classic Storytelling and Gen Z Sensibilities. Fiction. https://vocal.media/fiction/maria-clara-at-ibarra-on-netflix-review-the-perfect-blend-of-classic-storytelling-and-gen-z-sensibilities
Walker, L. (2007). Narrated PowerPoint as a Self-Learning Resource. The International Journal of Learning: Annual Review, 12(12), 1–6. https://doi.org/10.18848/1447-9494/CGP/v13i12/45111
Wankel, C., Law, J. S., Tombs, A., & Nguyen, D. H. (2011). Developing Interactive Dramatised Videos as a Teaching Resource. ResearchGate. https://www.researchgate.net/publication/344922020_Developing_Interactive_Dramatised_Videos_as_a_Teaching_Resource
Yeager, K. (2026). LibGuides: SPSS Tutorials: Independent Samples t Test. https://libguides.library.kent.edu/SPSS/IndependentTTest
Zig Madamba Dulay | Director, Writer, Second Unit Director or Assistant Director. (2024). IMDb. https://www.imdb.com/name/nm3603100/



Payawal, L. J. D., & Pilongo, R. A. (2026). GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG. GMA NETWORK'S "MARIA CLARA AT IBARRA" BILANG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO NG NOLI ME TANGERE SA IKASIYAM NA BAITANG, 1(1), 1021–1058. https://doi.org/10.17613/vw7rt-8y293